

Table of Contents

[Kings of Want I Preview](#)

[Kings of Want II Preview](#)

This e-book is exclusively available for purchase through [Whimsical Books Ph](#) for personal use only. If you acquired this copy from a source other than Whimsical Books Ph, please inform us, and we'll reward you for the information.

All rights reserved. No part of this book may be copied, distributed, or transmitted in any form or by any means, including screenshots, without the prior written permission of the author, except for brief quotations used in critical reviews or permitted by copyright law for noncommercial purposes.

This is a work of fiction. All characters and events are either products of the author's imagination or used fictitiously.

**Kings of Want I:
Shamelessly Undone**

Copyright © 2026 by Vanessa
All rights reserved.

**Kings of Want II:
Ruthlessly Bought**

Copyright © 2026 by Vanessa
All rights reserved.

vanessa-writes.com

Distributed by [Whimsical Books Ph](#)

Visit their [Shopee](#) or [TikTok](#) for
printed copies.



SHAMELESSLY
UNDONE

KINGS OF WANT I

VANESSA

CHAPTER 1

Isa lang naman talaga ang paraan para makaahon ako sa kumunoy na 'to—gumawa ng ilegal. Kung lalaban ako nang parehas, lalo akong mababaon. Tatlong milyong utang, one hundred K interest monthly, paano ako makakabayad? Parang hindi patas ang mundo. Nagsasawa na akong magsimula. Kailan ako matatapos?

“Ma’am, sure kang okay ka lang?”

Napatingin si Soling kay Cheska, kahit naninikip ang dibdib. Para ding

papaiyak na ang babae.

Tumango siya. “Oo. Ikaw ba? Uuwi ka bang Bicol?”

She felt guilty. Sa sobrang pagbababad niya sa stress, ni hindi niya naalalang itanong sa pinaka-loyal niyang staff kung ano na ang plano nito. Kung konsolasyon man, kahit paano nabigyan niya ang babae ng maliit na halaga, katumbas na rin ng dalawang buwan nitong sahod. Pioneer ito ng Solé, isang lash studio at wax and nail salon, ang baby niya.

“Opo. Magpapahinga rin muna. Kung wala ka nang iuutos, ma’am, mauuna na ako.”

Nagpasalamat siya rito. Lumabas na rin ang babae. Nang sumara ang salaming pinto ay para bang hinigop

niyon palabas ang lahat ng tunog ng paligid—ang ingay ng siyudad, mahinang ugong ng aircon, ingit ng taas-babang braso ng gintong pusang Intsik, at lagaslas ng maliit na feng shui fountain sa ibabaw ng counter.

Pinagmasdan niya ang pusa. Pampasuwerte diumano. Naitanong niya sa sarili kung bakit siya naniwala sa epekto ng mga iyon sa negosyo.

Baka tadhana ko talaga ang ilegal, tutal, iyon naman din ang bumuhay at nagpaaral sa akin. Baka tama si Tatay—sa buhay, unahan lang ‘yan, kung hindi mo uunahan, mauunahan ka. Kung hindi mo lalamangan, ikaw ang lalamangan. At kung manggagantso ang puno, bakit maiiba ang bunga?

Napabuntong-hininga siya habang

pinagmamasdan ang nakaligpit nang mga gamit. Once upon a time, all the seats were occupied every single day. Ang laki ng kita niya noong nagsisimula pa lang siya. Naging sapat ang lahat ng iyon para makabayad siya ng loan kay Wilbert Ong—ex-boyfriend niya, anak ng mag-asawang negosyanteng Chinese. Kaya siguro siya naimpluwensiyahan ng kaunting feng shui.

Milyon ang pinahiram ng lalaki sa kanya nang walang collateral. Daang libo ang rental niya sa puwesto pero bawing-bawi. That was before a big chain opened, and then another, and three more masa salons nearby.

Nakabayad nga siya sa loans kay Wilbert, pero sa huli ay nalugi pa at

naubos ang ipon dahil sa laki ng rental at panloloko ng katiwala niya. Lahat ng iyon, sa kabila ng pagpapa-franchise niya. Nakatatlo rin siyang franchise pero nagsara ang isa doon, habang ang dalawa ay bumitiw matapos ang kontrata para magtayo ng sarili.

She probably should've stopped the operations sooner, but she was too heartbroken to take care of it. Pumanaw si Sharmaine, ang best friend at pinsan niya. Nasa Bali ito kasama ang asawang *afam*. Nalunod ang mag-asawa, freak accident.

At sa mga sandaling iyon, kung kailan kailangang-kailangan niya ng isang masasandalan, nakipag-break sa kanya si Wilbert. Two weeks after Sharmaine died, her seven-year

relationship had ended just like that.

Pitong taon na sila ni Wilbert noon, hindi pa rin ito nagpo-propose, pero hindi niya akalain na makikipaghiwalay ito. Ang totoo, dama niya ang pananabang nito. Ginawa niya ang lahat para maging malambing dito, maasikaso, pero parang lumaki ang agwat nila. Sa kabila niyon, kampante siya dahil na rin sa tagal ng kanilang relasyon. Isa pa, tanggap na rin siya ng pamilya nito kahit alam niyang hindi buong-buo. Ang kanya lang, kung iyong pressure nga ng Chinese family ni Wilbert, nagawa nilang lagpasan, paano pa ang simpleng boredom sa relasyon?

Did she want more from Wilbert? She did. Tulad na lang sana ng

pagkukusang makisama sa mga kaibigan at mahal niya sa buhay. Kaunti lang naman ang mga iyon. Kasama na roon si Sharmaine. Pero sa tuwing may lakad siya kasama ang best friend-pinsan, hindi ito sumasama. Palaging sinasabi na madami itong kailangang asikasuhin. Hindi rin ito sumasama sa kanyang dalawin ang lola niya kahit alam nitong mahal na mahal niya ang matanda dahil iyon ang nagpalaki sa kanya.

Two months before Sharmaine's wedding, she realized she was not getting any younger at thirty-one. Kung wala palang balak si Wilbert na pakasalan siya at magpamilya, siguro mas maiging sabihin na agad nito dahil ilang taon pa, mahihirapan na siyang

magbuntis. And that was exactly what she told him. Hindi ito umimik. Naisip niyang maigi, nang maisip nitong hindi na siya maghihintay pa.

Ikinasal si Sharmaine sa Bali. She was happy for her and thought she would be next. Umuwi siya at makaraan ang apat na araw ay dumating ang nakalulunogs na balita, Sharmaine was gone.

Hindi niya magawang mag-move on sa pagkawala nito dahil iilan lang naman ang tao sa buhay niyang naroon talaga para sa kanya. Sa ganoong kalagayan siya kinausap ni Wilbert. Nagtapat itong hindi nakikita ang future na kasama siya, kahit may panahon daw na naisip nitong magpapakasal sila at bubuo ng pamilya

balang-araw. Malaking bagay daw sa pamilya nito, at dahil doon ay dito na rin, na hindi siya Chinese. Akala daw nito noong una, walang magiging issue, pero naisip nito noong huli kung paano ang magiging mga anak nila na inaasahan ng mga Ong na sa Chinese tradition lalaki, Cantonese ang magiging first language, at may Chinese values.

Ang sabihing sobrang sakit ay kulang. Hindi niya kayang mawalan na naman ng mahal sa buhay sa estado niyang iyon. Pero ano ang magagawa niya kung kahit nakiusap siya, buo na ang desisyon nito?

She cried for days. At nang maiuwi ang labî ni Sharmaine ay lalo na siyang nanghina. Inihatid nila ito sa huling

hantungan na halos buto't balat na siya. Hindi niya nagawang kumain, nakakatulog na lang nang kusa. Sa ikaapat na araw, nagulat siya nang makita ang lola niya sa condo, kasama ang pinsan niya. Dalawang araw na pala siyang tinatawagan ng mga ito pero naubusan na ng baterya ang phone niya, hindi niya napansin.

Her lola took care of her. Hindi na ito masyadong nagtanong matapos niyang sabihing naghiwalay sila ni Wilbert. Dalawang linggo itong nanatili sa condo. Ipinagluto siya nito, inalo, sinabing hindi daw nito kailanman nagustuhan si Wilbert at mainam pang naghiwalay na sila.

“Saka mabisyo sa sugal ang mga ‘yan. ‘Kita mo, ang daming POGO. Aangkinin

pa niyan ang ganang sa iyo, tulad ng ginagawa sa mga isla natin.” Umusli ang labi nito. “Ikaw, iniwan dahil hindi ka Intsik?! Hmp!” Kulang umusok ang ilong nito sa may tunog na ismid. “Ay, mas maganda naman tayo, ah? Mas maputi sila, pero iyang pagkamorena mong ‘yan? Napakaganda pa ng katawan mo, maamo ang mukha. ‘Ku, Soling, maniwala ka sa akin, hindi siya kawalan! Makakahanap ka ng higit pa!”

Alam niyang kailangan niyang piliting makabawi para sa lola niya. She tried her best to move on. Nang magpaalam ang matanda, nanatili siya sa bahay. She was doing better but she was still so broken. There had been too many losses, one after another. Wala na si Sharmaine, pitong taon ng buhay

niya ang tila naglaho rin, ang mga pangarap nila ni Wilbert, ang mga plano.

She felt betrayed. Madami din siyang gustong malaman—kung hindi siya nagtanong kay Wilbert ng sitwasyon nila, gaano katagal nitong paaabutin ang walang saysay nilang pagsasama? Dumaan na ba sa isip nitong linawin ang lahat o sadyang naging kaswal na lang ang relayon nila, routine, bahagi ng pang-araw-araw na buhay? Why didn't he put any effort when he could see she was trying her best? Why didn't he tell her then that he saw no future with her? Why did he choose to leave while she was still mourning?

Ah, she would never know the answers.

Ang magkasunod na insidente ng kamatayan ni Sharmaine at paghihiwalay nila ni Wilbert ang dahilan kaya napabayaang niya ang negosyo, kahit may mga issue na talaga sa pagsulpot ng mga kompetisyon sa paligid. And then the franchise contracts expired. Walang nag-renew. Noon siya parang natauhan. But it was too late. Malaki ang nakuha ni Candy, ang katiwala niya, na kasalukuyan niyang hinahabla.

Napilitan siyang ibenta nang palugi ang condo unit niyang hindi pa fully paid. Kahit ang SUV niya, pinalitan niya ng lumang Toyota para makabayad sa suppliers, rental, at mga tauhan na patak-patak pala ang ginawang sahod ng katiwala. She had to take out loans as

well.

Nang malaman ng magulang niya ang nangyari, hindi man nagsalita ang mga ito, alam niyang na-disappoint dahil gawain ng mga ito ang ginawa sa kanya ni Candy. She was supposed to know better. Lumaki siya sa pangaral ng mga itong palaging mag-iingat dahil madaming tulad ng mga ito—hanapbuhay ang manggantso.

Noon pumarada ang isang malaking truck sa tapat. Bumaba ang isang lalaki, tinapik ang likod niyon para paatrasin, saka pumasok sa salon.

“Magandang tanghali, ma’am,” bati niyon. “Pi-pick up po ng mga gamit.”

“Sige. Naka-ready na.” Inabot niya rito ang inventory.

Hindi pa nagtagal ay tinulungan na

ito ng driver magkarga ng mga gamit sa truck. Nagpaalam na rin ang dalawa nang matapos. Ang tanging natira na lang ay ang AC units, isang monobloc chair, at siya. Noon nag-unahan sa pagtulo ang mga luha niya. Ni sa hinagap, hindi niya naisip na dito magtatapos ang lahat. Parang kailan lang nang piliin niya ang bawat gamit sa salon. She was super excited. And Wilbert shared that with her. Ah, those were the good days.

Tumingin siya sa wall clock. Alas-dos ng hapon. Late na ang kukuha ng aircon units, mag-a-uninstall pa. Pero bakit siya magmamadali, wala naman siyang lakad? In fact, she had nowhere else to go. Uuwi siya sa nirerentahang unit sa Tandang Sora, tutunganga, at

maghihintay na matapos ang buwan para sulit ang binayad niya, saka siya uuwi sa lola niya—kung hindi siya makakahanap ng bagong pagkakakitaan sa Maynila.

Mayamaya ay dumating na rin ang bumili ng aircon units. Alas-singko ng hapon, wala nang laman ang stall maliban sa nag-iisang upuang plastic. Sinulyapan niyang muli ang bakanteng espasyo, may hapdi sa dibdib, saka ibinaba ang roll-up door. Kinabitan niya iyon ng padlock, saka naglakad patungo sa opisina ng building management para i-surrender ang susi. Dumiretso siya sa lumang Vios pagkatapos, nagmaneho pauwi sa bahay.

May energy pa ba siyang magpatuloy mangarap? Baka kailangan na niyang

tanggapin na hindi siya isinilang para maging negosyante.

Pinabayaan niyang tumulong muli ang mga luha dahil huli na iyon. Eh, ano kung buong buhay niyang iniwasang matulad sa mga magulang pero ngayon ay sa direksiyong iyon din planong pumunta? Paano nangyaring pinilit niya ang sariling sumunod sa mga pangaral ng lola niya, pero ngayon, babale-walain niya na ang lahat ng mga iyon? Na para bang nalimutan na niya ang araw na umuwi ang matanda matapos piyansahan ang mag-asawa, hinarap siya, at sinabi, “Kung darating ang panahong tutularan mo ang dalawang ‘yon, ‘wag ka nang magpakita pa sa akin.”

Pero napapagod na siyang

magsimulang muli sa wala, kahit pa nga parang imposible sa sitwasyon niya kahit piliin pa niya iyon dahil negative three million ang starting point niya, may limpak-limpak na monthly interest. Lagpas ulong bayarin.

Thirty-two na siya. Bago niya nakilala si Wilbert, ilang ulit ba siyang sumubok? Nag-abroad pa siya. Four years siya sa Dubai, sa isang luxury boutique. Kahit nagtapos siya ng college sa sosyal na university, pinili niyang maging staff ng tindahan. May nakilala siyang Pinay na nakapangasawa ng Emirati, may nail salon doon. Kinuha siya niyong manager. Nang makaipon, umuwi siya at nagtayo ng nail salon sa probinsiya. Nalugi siya dahil sa maling location.

Pinag-aralan niyang maigi ang susunod na hakbang. Ilang business seminars ang dinaluhan niya. Driven siya, iniisip na sa pagnenegosyo makakaangat sa buhay. Pinahiram siya ng pera ng mama niya, na noon ay nakalaya na at nasa daang baliko ulit. Maliit na puhunan lang pero sapat para makasimula siyang muli ng negosyo. PX goods ang sinubukan niya, online selling. Hindi man siya nalugi, sobrang hina naman ng kita.

Namasukan siyang muli sa call center, iniisip na kailangan ng pandagdag sa puhunan para sa pinaplanong franchise business, nang makilala si Wilbert. Wala siyang planong makipag-date noon pero napaka-charming nito online. Sa

madaling-sabi, ang simpleng date ay nauwi sa isang relasyon. Tinulungan siya nitong magsimula ng dream business niya. Everything was perfect until a year ago.

At heto na nga siya ngayon. Baon sa problemang pinansiyal, said ang kaluluwa.

Pinunasan niya ang mga luha nang tumigil sa intersection. Mababaliw na siya, iyon ang pakiramdam niya kadalasan. Nakakabaliw pala ang loans. Sa ngayon nakakapaghulog pa siya dahil sa pinagbentahan ng mga gamit.

Patuloy siyang nagmaneho hanggang pumarada sa tapat ng inuupahang bahay. Tumuloy na siya sa loob, dumiretso sa ref. Mga bote ng tubig, tinapay, dalawang itlog, tirang

ginisang sayote, ilang condiments, iyon lang ang laman ng maliit na refrigerator. Sayang lang sa koryente pero hindi niya maatim na walang mainom na malamig. Kahit paano, nakakabayad pa naman siya ng bills, pero mauubos ang pinagbentahan ng ilang gamit kung hindi siya makakakita ng trabaho sa loob ng isa-dalawang buwan. Pero kahit makakita pa siya, hinding-hindi magiging sapat dahil sa interest.

Inilabas niya ang tubig at tinapay. Pinahiran niya ng peanut butter ang tasty, saka nagtimpla ng kape. Lunch at dinner na niya iyon dahil bukod sa wala siyang gana, kailangan din niyang magtipid.

Sa totoo lang, kung ano-anong

masamang pantasya na ang dumaan sa isip niya kung hindi niya naaawat ang sarili. Kung umupa kaya siya ng kikidnap sa anak ni Candy para mapilitan iyong magpakita at bayaran siya? Kung manuhol kaya siya ng pulis para kunin ang mga gamit ng babae? Pero sa huli, palagi niyang naiisip na masyadong risky, kahit dinipensahan niya sa sariling wala namang masasaktan doon. Hindi tulad ng ginawa ng taong iyon sa kanya.

Ngayon, ang pagpipilian niyang gawin ay mag-apply sa call center o mag-abroad. Puwede siyang manghiram sa mga magulang pero ni hindi niya alam kung meron ba ang dalawa. Baka gumawa pa ng ilegal na paraan para sa kanya.

Kumagat siya sa tinapay, saka napabuntong-hininga. She needed a lot of money. At isa lang ang paraan doon—ang tumulad sa mga magulang niya. Uminom siya ng kape, hindi mabitiwan ang ideyang buwan na sa isip niya.

Nagligpit siya ng pinagkainan, saka naligo at tumuloy sa silid. Hindi na siya makaiyak. Nagtapos ang isang yugto ng buhay niya nang ganoon na lang. Nagsimula ang mga problema niya nang maghiwalay sila ni Wilbert. Kung ito na lang kaya ang kidnapin niya? Ang sarap pantasyahin.

Pinagmasdan niya ang sarili sa salamin. She saw a desperate woman.

“I have nothing left to lose,” sambit niya.

CHAPTER 2

Panay ang tapik ni Soling sa manibela ng sasakyan, tensiyunado, paulit-ulit sa isip ang habilin ni Ninang Pining. Pinarada niya ang kotse sa basement ng mataas na gusali kung saan niya rin pinasa ang application form para maging administrative assistant sa Villa Arcilla. Nasa villa ang target niya—si Timoteo Arcilla. Ngayon ang interview, sa main office ng Goldcoast Finance, pag-aari ng mga Arcilla. Isang buwan na ang nakalipas matapos ibigay ng

ninang niya ang “trabaho” sa kanya.

“Kung desidido ka na talaga, hindi ko sasabihin sa mama mo. Basta’t ‘wag mo rin akong isusumbong sa kanya at pareho tayong malalagot dito. Pagbutihin mo, Soling, at saka na natin pag-usapan ang hatian.”

Bumuntong-hininga si Ninang Pining habang nakatitig sa kanya. Gusto niyang mag-iwas ng tingin. Napahiya siya. Disappointed ito sa kanya, halata sa maganda nitong mukhang madami nang guhit, hindi na kayang itago ng makapal na foundation. The woman was beautiful though. Halatang noong kabataan nito ay madaming naghabol ditong lalaki. Malaki ang hinaharap nito, napakalaki na nagmumukha na itong mataba dahil doon. Pero sa kabila ng edad, kaunti lang

ang inilaki ng mismong katawan nito. Feeling niya, ang hirap magbitbit ng ilang kilong dibdib sa araw-araw. Iyong kanya ngang cup C, minsan mahirap nang dalhin, paano pa ang sa babae na parang cup F na?

Itim na itim ang buhok nito. Ever since, ang hairstyle ay parang kay Susan Roces. Makapal ang makeup pero nakita na niyang walang kolorete, mas maganda pa. Mukhang artista noong panahon ng Sampaguita Pictures, kahit pa nga Regal na ang inabot nito. Asawa ito ng pulis na matagal nang pumanaw. Ninong niya iyon.

Dahil nasa kapulisan ang asawa nito, naging mas madali sa mga itong gumawa ng ilegal. Ahente o broker si Ninang Pining ng mga trabahong hindi para sa

ordinaryong tao. Malawak ang network nito, pero nitong huli ay nag-focus na lang daw sa high class escort service. Panakana, may mga trabaho pa rin itong inaalok sa iba, pero hindi na tulad ng noon. Matanda na raw kasi ito at hindi na iyon maasikaso.

Pero mayroon itong puwedeng ibigay na trabaho sa kanya, bagaman alinlangan ito dahil magagalit daw ng mama niya. Pero iginiit niya ritong walang makakaalam. Sa katunayan, mas gusto niyang huwag nang malaman ng mga ito. Nanliliit siya maisip pa lang na makakarating pa sa dalawa ang ginawa niya. Ayaw niyang maisip ng mga ito na nauwi rin siya sa ganoong buhay kahit ipinagkatiwala siya ng mga ito sa lola niya para maging tama ang daan niya. Pinag-

aral siya sa mamahaling eskuwelahan para sa isang magandang kinabukasan, pero nauwi rin sa ganito.

Ayaw na niyang isipin pa ang mga dahilan kung bakit hindi siya dapat maging scammer. In fact, she hated that term. Hindi siya scammer. She preferred to call herself a “strategist.” Hindi rin naman magiging biro ang gagawin niya para makuha ang perang kailangan. She was going to do a love or romance scam.

“Itong target na ‘to, eh, bagong-bago. Nagkainteres ako dahil dalawang babae ko na ang muntik naka-jackpot dito. Kung hindi lang tanga pareho dahil minadaling makakuha. Hindi hinimas muna. Palibhasa, mga sanay sa politiko kaya akala madadaan sa sambot agad. Pero kaigihan, bagay sa ‘yo ito,” ani Ninang

Pining, amoy na amoy ang pabangong mukhang nagmula pa sa baul ni Elizabeth Taylor.

Nagpatuloy ang babae. “May bago kaming suki, Timoteo Arcilla ang pangalan, Timmy daw ang palayaw. Balik-bayan, galing Amerika. Ilang buwan pa lang sa Pilipinas. May hitsura naman, kaso mukhang utuin talaga. Pakiwari nga noong unang nakuha, eh, birdyin. Mahiyain, tiyope бага. Ang gusto raw, iyong parang boyfriend siyang ituring.”

“Girlfriend experience ang hanap,” sambit niya. Narinig na niya ang term na iyon. May mga lalaki raw na kumukuha ng mga bayarang babae pero gustong gumanap ang mga iyon bilang girlfriend at hindi sex partner lang. Kadalasan, mga

lalaking malungkot ang naghahanap ng ganoon.

“Parang ganoon nga siguro. Hindi naman din bago sa aking marinig na may mga lalaking ganyan, pero bihira. Iyong mga babae kong nakuha no’ng Timmy, hindi sakay ang ganoon. Siguro kung nalaro nang tama, malaki ang makukuha dahil mayaman. Napakayaman. Nalaman ko lang noong huli na. Umiwas na doon sa huling babae at hindi na kumuha ulit. Hinanap nitong gaga sa internet, saka ko nabasa doon na may negosyo sa Amerika, malaking korporasyon doon; mayaman din ang angkan dito. Sila ang may-ari ng Arcilla Group.”

Natigilan siya saglit, saka sinabi, “Yon pong insurance and finance?”

“Mismo. May Arcilla Farm pa at Arcilla

Food Corporation.”

Bigla siyang nag-alangan. Masyadong malaking tao ang target kung ganoon. “Hindi po ba ‘yan delikado, ‘Nang? Saka ang mga ganyang tao po siguro, hindi basta maglalabas ng pera.”

“Ku, eh, nakakalahating milyon nga iyong huling babaeng kinuha sa akin, kung hindi ba naman utuuto. Wala pang isang buwan ‘yon, ah. Problema mo nga doon sa babae, binigla ang hingi kaya nakahalata iyong tao. Nakipag-break at ‘yon, na-indesper kaya doon na raw naglagi sa farm.

“May sariling pera din bukod sa mayaman ang angkan. May negosyo sa Amerika. Napag-usapan nga namin ng mga babae noong nakaraan. Talagang namula hasang ko, eh. Kung bata-bata

ang mama mo, sa kanya ko ibibigay. Sa mga ganito mahusay ‘yon. ‘Kow, kung hindi lang tayo makakagalitan, maiging sa kanya ka magpaturo, eh. Pero ‘wag kang mag-alala at madami din akong tip sa ‘yo.”

Nakinig lang siya sa mga detalyeng nilahad ng babae. Sa pag-andar ng mga minuto ay nakadama siya ng excitement. It seemed like an easy job. Easier than she thought, at least. She wouldn’t pretend not to know just how powerful a woman’s sex appeal could be because she knew how to use it. Hadn’t she used it on Wilbert? Ang kaibahan lang, may damdamin siya para sa lalaki.

Hindi lang kay Wilbert, kundi sa mga sitwasyong kailangan niyang makuha ang gusto. She knew exactly what a smile,

a touch, or a certain tone could do to a man. Sometimes, those situations were as simple as softening someone up, making a man say yes, or getting her way without having to ask twice. Pero harmless ang mga iyon kaya kabado pa rin siya.

“Kailangang matibay-tibay ang sikmura mo, ‘neng,” ani Ninang Pining. “Baka maselan ka sa pahawak-hawak, hindi ka uubra. Saka sasabihin ko na agad ngayon pa lang, malamang may mangyari sa inyo nitong lalaking ito. Iyon nga lang at kailangang ibitin mo para mas malaki ang makuha mo. Kailangan mong paamuyin, patakamin. Kailangan mong mangako ng lechon at magpa-sample ng kaunting balat.” Tumawa ito.

Natawa rin siya. “Naiintindihan ko po.”

Sa sumunod na linggo, halos buong araw silang magkasama ng matanda. Tinuturuan siya nito ng mga technique. Pero higit doon, nagbilin ito sa kanya ng ilang importanteng bagay—kailangan niyang huwag maging ganid. Importante din ang timeline, exit strategy, limitasyon sa kukunin niyang pera, at planong pinag-isipang maigi.

“Madami kasing sumasabak sa ganito, may plano para sa umpisa lang. ‘Yan din ang natutuhan ng mga magulang mo. Nang mahuli sila, wala silang matinong plano. Malalakas ang loob dahil bata pa, eh, saka hindi pa nahuhuli. Sa ganitong racket, anak, plano at strategy ang kakampi mo. Oo, sagot kita sakaling mabulilyaso, pero maigi na ring ‘wag sumablay.’”

Kaya kada uwi niya sa bahay, nililista niya ang mga kailangang gawin. Sinaulo din niya ang profile ni Timmy na nakuha niya sa internet, kahit pa nga walang laman ang social media nito at nagbase lang siya sa LinkedIn profile ng lalaki at sa kung anong munting impormasyong niluwa ng Google.

Sa laptop, may flowchart siya ng plano, naka-Excel ang timeline niya. May listahan din siya ng mga numerong puwedeng tawagan kung malalagay siya sa alanganin. Hindi siya kabado dahil malawak ang network ni Ninang Pining. Anoman ang mangyari, isang tawag lang may magre-rescue na sa kanya.

Feeling niya, hindi niya kakailanganin ang mga iyon dahil ang plano niya ay mas magaan para kay Timmy. O mas malupit

ba? Gusto niyang maging sila, umabot sa pangako ng kasal. Saka siya makikipaghiwalay. Or who knows, maybe she could even marry him. Kung mabait naman, bakit hindi?

Ibinaba niya ang sun visor para tingnan ang repleksiyon. Huminga siya nang malalim, saka isinukbit ang bag sa balikat at lumabas. Dumiretso siya sa elevator. Ito ang hindi maga-guarantee ni Ninang Pining, kung matatanggap siya sa trabaho dahil direct hire lang ang kinukuha. Kung sana raw agency, madami itong kakilala. Sa interview ngayon nakasalalay ang lahat.

Nanlata siya nang makarating sa HR office dahil napakadaming aplikante. Tinabihan niya ang isang babaeng mas matanda siguro sa kanya ng sampung

taon. Nagkuwentuhan sila habang naghihintay matawag. Lalo na siyang nanghina nang malamang sa farm din ito namasukan noon.

Siya ang huling tinawag sa interview. Pinaupo siya ng babaeng mukhang istrikta sa visitor's chair. Tiningnan nito ang resume niya. Tulad ng inasahan niya, ang tanong nito ay kung bakit niya naisipang mag-apply sa isang farm gayong dating may-ari siya ng nail spa. Salamat at nasagot niya nang maayos ang lahat ng tanong.

Pagkatapos ng interview, tumingin sa kanya ang babae at ngumiti. "Congratulations, you're hired. Do you have any questions?"

She thought this must really be her fate.

Saglit nilang pinag-usapan kung kailan siya tutungo sa Villa Arcilla, maging ang sahod, duties niya, leave, at iba pa. Isang Rowena Cordillo ang mag-o-orient sa kanya sa farm. Direkta na rin daw siyang sasahod doon.

Nagpaalam na rin siya mayamaya. Tumuloy siya sa mall. Kailangan niya ng pangharabas na sapatos. Nag-ikot-ikot siya hanggang sa humapon. Nakaramdam siya ng gutom. Uuwi na lang sana siya nang mapadaan sa restaurant na madalas nilang kainan noon ni Wilbert. Nagkibit siya ng balikat at pumasok na rin. Celebratory meal. Or maybe she was just feeling a bit nostalgic. Isa pa, heavy traffic na sa labas. Mas maiging magpalipas ng rush hour sa restaurant. Konti rin lang

naman ang tao dahil ilang na araw, puwede siyang tumambay hanggang gumabi.

She ordered their favorites. Nakadama siya ng lungkot sa pag-iisa. Kung sila pa ni Wilbert, hindi niya kailangang gawin ang lahat ng ito. Pero bakit ba niya inaalala ang lalaki gayong iniwan siya nito sa gitna ng pagluluksa?

Inabot na siya ng alas-siete pasado sa restaurant. Hinayaan niya ang sariling balikan ang masasayang alaala. Hanggang kunin na rin niya ang bill at magbayad. Iyon na siguro ang huling pagbisita niya sa restaurant. Tumayo na siya at naglakad tungo sa pinto. Malapit na siya doon nang matigilan dahil papasok naman ang huling taong inasahan niyang makita—si Wilbert. At

hindi ito nag-iisa. Right beside him was a very pregnant woman. Who was she? Relative? Parang hindi pa niya nakikita ang babae na hindi rin mukhang Chinese.

Ayaw niya itong iwasan, wala rin namang ibang daan. Hanggang sa mapatingin ito sa kanya. They were a few feet apart.

“Hey,” tila alanganing bati nito.

Lumapit siya. “Hi.” Naghintay siya ng introduction.

“Connie...” Iyon ang tawag nito sa kanya. Her first name was Consolacion. “This is Maya, my wife.”

Parang nanginig ang kalamnan niya. Ilang sandali bago niya nagawang magsalita.

“Excuse me?”

“Hi,” bati ng babae, inilahad sa kanya ang kamay. “I’m his wife. And you are?”

Hindi niya nagawang makapagsalita. Wife?

“This is Connie. I told you about her. We used to date,” anang lalaki.

“When did you get married?” wala sa loob na tanong niya kay Wilbert.

“June,” nakangiting tugon ni Maya. Tumango siya. “Well, congratulations.”

Hindi na siya naghintay ng tugon. Nagmamadali na siyang umalis. Malalaki ang hakbang niya na para bang habol ng kung sino. Hanggang sa matigilan siya. Bakit ganoon ang naging reaksiyon niya? Masyadong obvious na apektado siya. Bakit? So nagpakasal si Wilbert apat na buwan matapos nilang

maghiwalay at malamang ay buntis na ang babae noon base sa laki ng tiyan nito. Ano ngayon sa kanya? Hiwalay na sila. Iba na ang buhay nito.

Pero hindi niya maiwasan ang panghihinang nakapa sa dibdib.

Halos wala sa sarili siyang nagtungo sa parking, sumakay sa sasakyan, saka sumigaw. Napaiyak siyang bigla.

“Seven years!” tangis niya, nakasubsob sa mga palad.

Natigilan siya, saka kinuha ang phone, tinawagan ang isang kaibigang kilala si Wilbert. Hindi niya alam kung bakit kailangan pa niyang i-torture ang sarili, gusto lang niyang malaman kung niloko ba siya ng lalaki.

“Nakilala yata niya ‘yong babae two weeks after n’yong mag-break. Sa

Tinder. Nagulat nga ako no'ng pakasalan agad.”

“N-Nabuntis ba?”

“Hindi! Malaki lang talaga ang tiyan no'n!” Tumawa ito. “Noong nag-announce sila ng pregnancy, ang sabi honeymoon baby daw.”

“Chinese ba?” tanong niya kahit nahuhulaan nang hindi.

“Naku, hindi. ‘Gulat nga ako.’”

Nagpasalamat siya sa babae at nagpaalam na rin. Kinalma niya ang sarili, saka pinasibad ang sasakyan. Nang makakita ng bukas na bar, pinarada niya ang kotse sa tapat niyon. She needed a drink.

Pagkapasok ay tumuloy siya sa bar, naupo sa stool. Walang masyadong tao, tulad sa restaurant kanina. Weekday,

abala sa normal na trabaho ang mga tao. Dalawang shots ng tequila ang inorder niya, sinamahan din ng isang long island iced tea.

Isang sampal ang ginawa ni Wilbert. Hindi lang dahil ang bilis nitong humanap ng kapalit, kundi maging ang katotohanang ni hindi nito nirespeto ang talino niya. He made up some bullshit alibi for the breakup. Hindi naman pala Chinese ang kukunin nito. Sa madaling-sabi, walang issue iyon at wala man lang itong bayag para sabihin ang totoo sa kanya.

He thought she didn't deserve the truth and that hurt. Dahil naging handa siyang gawin ang lahat para dito. She once thought he was the love of her life because she saw herself with him.

Nakita niyang bubuo sila ng pamilya. The relationship was not perfect but it felt real. It seemed strong. Imagination lang pala niyang kaya nilang sagupain ang lahat basta't magkasama sila. Dahil paano nila sasagupain ang lahat kung mismong ito ang ayaw sumugod?

Did he fall out of love? If so, didn't she deserve to know that?

“One more, please,” sabi niya sa babaeng bartender nang masaid ng straw ang long island.

“That's a hell of an order for a weekday. Rough night?”

Napatingin siya sa nagsalita. Madilim sa lugar pero base sa nakikita niya, guwapo ito. Dalawang stools ang nakapagitan sa kanila. T-shirt na dark blue ang pang-itaas ng lalaki. *Afam ba?*

Mukhang may lahi. Malago ang facial hair kahit manipis, maliban sa mga kilay na nagpapadilim nang bahagya sa mukha nito. Nakakailang siguro kung mainit ang ulo. Pero nakangiti ito.

Grabe ang jawline ng pakialamero. Matangos ang ilong, healthy ang mga labi. Well hydrated. Nakakatatlong liters of water a day siguro. At base sa biceps, malamang higit pa sa pagpapapawis sa gym.

“I’m just trying to have some fun,” tugon niya, nagkibit-balikat.

Ngumiti ito. “Then I must’ve misread you. You look like you came here to burn something down.”

Bigla siyang natawa, saka sumimsim sa bagong lapag na inumin. Nilington niyang muli ang lalaki.

“Ano’ng ginagawa mo dito?” tanong niya.

“Nagpapalipas ng oras.”

Marunong mag-Tagalog. Hindi *afam*. Tisoy lang kahit pa nga hindi maputi. Hindi perfect ang vision niya at madilim kaya pinalapit niya ito ng daliri. “Patingin.”

Ngumiti ito. Akala niya ay ilalapit lang nito ang mukha pero tumayo ang lalaki. God, he was tall, probably six feet. Naupo ito sa tabi niya. He smelled wonderful.

Nakangiti pa rin ito habang nakatingin sa kanya. His teeth were perfect. Natural. None of that plastic-looking veneer crap Hollywood seemed obsessed with these days.

“Ayos na?” anito.

“Hmm,” aniyang ipinasok ang straw sa bibig habang nakatingin dito, nakatagilid ang mukha, kinakagat-kagat ang plastic. “Guwapo ka ba talaga o lasing na ako?”

Bigla itong tumawa. Kahit ang tawa nito ay guwapo. Puwede pala iyon. Tipong kapag narinig mo lang, gusto mong makita ang hitsura ng tumawa dahil parang masyadong barako.

“Akala ko ba hindi ka naglalasing?”

“Wala akong sinabing gano’n.” Nalukot ang ilong niya, saka itinuro ang bar snack nitong naiwan. “Ano ‘yon?”

Ang bartender ang nagtulak sa pagitan nila ng isang snack mix board—olives, crackers, nuts, cherries, dates, assorted cheeses. Kumuha siya ng cherry, sa tangkay nakahawak, saka

iyon isinubo. Napiga pagkagat niya kaya agad niyang pinahiran ng daliri ang gilid ng labi. She licked it clean.

“Careful. You keep doing that, and I’m going to stop pretending I’m only here for the conversation,” the stranger said.

CHAPTER 3

Of course, Soling knew exactly what the stranger meant, and heat rushed through her at once. God, he looked so good and smelled even better. She bet he kissed well, too.

And he was making a move on her.

Why not?

Ano ba ang naiisip niya? Ah, hindi na mahalaga. Wilbert married someone from Tinder and she was still trying to do the right thing? Sino ba ang nagsabing iyon ang right thing? Baka

buong buhay niya ay palagi niyang inaalalang gawin ang tama na hindi na niya alam kung ano ba talaga iyon. Maybe there was no right and wrong in the world. Kung mayroon, bakit palaging talo ang gumagawa ng tama?

If she hooked up with Mr. Smooth here, would that really be so wrong? Kailangan din niya ng experience sa gagawin sa Villa Arcilla. She had only slept with Wilbert. God, it was so unfair.

“Is it your habit to flirt with women who’ve had a few drinks?” tanong niyang nagtaas ng isang kilay, bagaman nakangiti naman.

“Only when they’re sober enough to know exactly what they’re asking for.”

God, his confidence made her pulse

kick.

“Do you kiss well?” tanong niyang muling sumipsip ng iced tea habang nakatingin dito. She had probably thrown all caution to the wind by then. What was the point of telling herself no? The man was hot, and she only grew hotter with every passing minute. She was tired of being the one left with the pain while other people went after what they wanted without guilt. Tonight, she wanted to be selfish for once. To be reckless. To lose herself in the moment.

“Only one way to find out, kitten.”

She gasped softly. His answer was bold, and it made her want to taste the truth of it for herself.

Napatitig siya sa mga labi nito. It was embarrassing to realize how wet her

panties had gotten. She had to excuse herself and go to the bathroom. Agad siyang pumasok sa cubicle, isinabit sa hook ng pinto ang bag.

Hinubad niya ang wide-leg pants at panties, then removed the damp liner with burning cheeks. Thank God for bidets. Salamat din na palagi niyang bitbit ang bahay niya tuwing aalis. She had heavy periods, so she always kept disposable underwear in her bag. She sprayed alcohol on the toilet seat, placed a disposable seat cover on it, and washed herself. Then she dried off and put on a fresh pair of disposable underwear.

“Be a good girl now,” she said, gently tapping her naughty kitty cat with a laugh. Bahagya siyang gumewang,

napahawak sa pader ng cubicle. Umeepekto na ang nainom niya.

She pulled her pants back on and stepped out of the cubicle. Her face had that soft, tipsy glow, and she thought she looked kind of pretty. Nag-retouch siya ng lipstick, nag-spray ng pabango, saka ngumuya ng mint.

Why the hell am I getting ready for that man? Am I really going to fuck him?

Hindi niya alam. Pero gusto niyang subukan. Mas madaling tanggapin iyon ngayong para siyang nakalutang sa masarap na epekto ng alkohol. Lumabas na siya ng banyo at bumalik sa bar, kahit parang nanlata dahil wala na ang lalaki.

Coward, sa isip-isip niya, hindi makapaniwala sa disappointment na

nadama. At least she understood now that she was going to sleep with the man. Did the stranger reject her? God, how many rejections could she take in a day?

“Isa pang long island,” aniya sa bartender. “Umalis na siya?”

Ngumiti ang babae, saka tumuro sa likod niya. Agad siyang napapihit. She smelled him before she saw him.

“May tinawagan lang ako sa labas. Maingay dito,” paliwanag nito.

“Baka asawa mo?” bigla niyang sabi.

Ngumiti ito. “Itanong mo na lang kung may asawa ako o wala.”

“Meron?”

“Wala.” Nagkatunog ang ngiti nito.

God, he was gorgeous. She caught herself wondering about his size

because he gave off such big-dick energy. Surely a man with a small dick would not carry himself with that kind of smooth confidence. In her alcohol-addled state, all she could think about was the size of his cock and all the theories she had read on the internet. Embarrassing. Good thing he could not read her mind.

Dumating ang inumin niya. Umorder ito ng Coke. Bigla tuloy tumaas ang isang kilay niya.

“Really? Coke?”

“One of us needs to stay sober enough to drive. I’m planning on taking you home.”

Oh, God, the man knew exactly how to make her lose her mind. Binilisan niya ang pagsipsip. Ayaw niyang

magkaroon ng bakanteng espasyo ang pagdududa sa sistema niya.

She was going to do this.

“Let’s go then,” sambit niya.

Kinuha nito ang bill. Idinikit nito ang card sa payment terminal. Tumayo na ito at inilahad ang braso sa kanya.

“Shall we?”

Napatingin siyang bigla sa bartender na ngiting-ngiti. Parang nakalma siya niyon. It felt like reassurance from another woman that she was not doing anything wrong. Isa pa, pinupuno ng bango ng lalaki ang kanyang ilong.

“Where to?” tanong nito.

“Your place.”

May kaba siya habang naglalakad sila patungo sa parking area. Isang lumang SUV ang sasakyan ng lalaki.

Ipinagbukas siya nito ng pinto. Agad siyang sumakay. The interior smelled clean. Wala rin siyang nakitang kalat doon. Sumakay na rin ito sa kabila, binuksan ang aircon.

“Saan ka nakatira?” tanong niya, biglang nag-alala dahil paano kung taga-Cogeo, Muntinlupa, o Bulacan pala ito? Sobrang layo na niyon sa kanya. Paano pa siya makakauwi?

“Malapit lang. Three kilometers.”

Napatango siya.

Nilingon siya nito nang nasa kalsada na sila.

“All good?”

Hindi niya naiwasang pagmasdan ang lalaki. She had never felt so attracted to a man before. Pero sino ang puwedeng sumisi sa kanya? He was very

attractive. Para siyang teenager na kinikilig sa isang crush.

“Ang guwapo mo, nakakainis!” sabi niya tuloy.

Ang lakas ng tawa nito. “I’m flattered, honey. You’re stunning yourself.”

“Bolero.”

“Hindi ka ba tumitingin sa salamin, hmm?” Muli itong sumulyap sa kanya, kumunot ang noo, na lalo lang nagpalabas ng features nito, lalo na ng jawline at cheekbones.

She blushed because all she could think about was kissing that firm mouth.

“You better kiss good, mister,” sambit niya.

Noon tumigil ang sasakyan sa

intersection. Nilingon siya nito.

“Try.”

Nakagat niya ang labi saka lumapit dito.

Sa paglapat ng mga labi nito sa kanya ay agad naglaho ang lahat ng nasa paligid. The city outside dropped away under the sheer shock of how good he felt. His lips were warm and perfect. He kissed her as if he had done this a thousand times so he knew exactly how she wanted it. The faint taste of Coke lingered on his mouth and she wanted every last trace of it.

She had meant to test him, maybe tease him, but the kiss turned her soft in an instant. Her fingers curled into his shirt as he tilted his head and kissed her deeper, slower. Walang pagmamadali

ang lalaki na para bang handang maghintay sa kanila ang mundo. Kontrolado ang bawat galaw nito. Buong atensiyon ang binigay nito sa kanyang mga labi.

May tunog na kusang kumawala mula sa kanya bago pa niya iyon maawat. He answered by brushing his thumb lightly along her jaw, then kissing her again with a little more possession, enough to make her thighs press together. Her nipples tightened, and she grew damp between her legs. She had been kissed before. She had thought some of those kisses were good. This made all of them feel forgettable.

Nang maghiwalay sila ay nanatili sa kanyang mga labi ang mga mata nito. She looked at him, dazed and a little

embarrassed by how much she wanted more, and understood at once that she was in trouble, because the man kissed like sin, and she already wanted another taste.

Bumusina na ang sasakyan sa likod kaya pinaandar na nito ang SUV. Noon lang nakaramdam si Soling ng ganoong pagkaagresibo. She wanted to be naughty and touch him. Pero hindi pa man ay papasok na ang sasakyan sa isang mataas na gusali. Mayamaya ay nakaparada na sila. Tumingin siya sa kongkretong pader sa unahan. Basement parking. Madilim. Ang tanging tanglaw ay liwanag sa dulo.

Gusto niyang itanong kung doon ito nakatira o tenant, pero parang hindi na importante ang mga tanong. Pinatay

nito ang ilaw, dumilim ang paligid. Naririnig niya ang sariling paghinga.

Dapat sigurong buksan niya ang pinto, lumabas at umuwi na, pero lagpas na siya doon. Siya ang nagyaya dito. Wala siyang balak umuwi.

Umingit ang upuan nang umangat ito para umiba ng puwesto. Nadama niya ang pagtingin nito sa kanya bago pa man siya lumingon para komfirmahin. At nang tumingin siya sa lalaki... Diyos ko. Napalunok siyang bigla. Para bang siya lang ang babae sa mundo kung titigan nito. There was desire in his eyes and he wasn't afraid of showing it. In fact, he seemed to want her to see it.

Parang sumikip ang sasakyan. Marahan ang naging paggalaw ng

kamay nito. Dumapo iyon sa kanyang hita. Mainit ang palad ng lalaki, tumatagos sa kanyang pantalon. Naghintay siya, palakas nang palakas ang pintig ng puso, pero nanatili lang itong nakahawak, ang bigat ng palad ay nasa kanyang balat, na para bang sinasabing naghihintay ito sa kanya.

Na para bang binibigyan siya nito ng oras na pag-isipan ang lahat. It was a bit frustrating since she didn't want to think anymore. Pero biglang napunan ang espasyong iyon sa isip niya. She thought about Wilbert. Seven years of being patient, and he'd married someone else in four months. She thought about the pregnant wife at the restaurant, wearing the ring she never got. She thought about the “future job”

and so... fuck all of it.

Umiba siya ng upo, bahagyang humarap dito. She spread her legs slightly. And his fingers slid an inch higher on their own, answering her invitation. She looked at him and his expression was the same—hot, watching her intently.

May mga dumaang babala sa isip niya, pero mas malakas ang hiyaw ng init. It was the promise in his eyes, the way his hand touched her. Wala rin siyang nadaramang kahit na anong pangamba sa seguridad niya. The stranger was temptation personified. No man had any business carrying that much masculinity and charm. And the way he looked at her had her wetting her panties, like she was the most

delicious thing he would ever taste.
Lumapit ito sa kanya.

“Open wider,” he commanded against her ear.

She obeyed. Her knees spread farther apart, and her back arched off the seat. His free hand rose to her collar. He worked the first button loose. Then the second. Her blouse fell open, and he tugged the cup of her bra aside. Her heavy breast spilled into his palm. Cool air hit her skin, and her nipple tightened.

He lowered his head and closed his mouth over the taut tip. The warmth of it sent shivers up her spine. She heard herself moan. He sucked gently at first, his tongue circling, then harder, drawing it deeper into his mouth. Her

hand flew to the back of his head. Her fingers twisted into his hair and held him there.

He groaned against her breast. Nagtayuan ang balahibo niya. Kumalat ang init mula sa kanyang dibdib, patungo sa kanyang puson, sa pagitan ng kanyang mga hita.

Binaba ng isa nitong kamay ang kanyang pantalon. Inangat niya ang balakang para tulungan itong mahigit iyon. Muling tumaas sa pagitan ng mga hita niya ang kamay nito. His fingers found the edge of her underwear and traced along it. Her hips bucked toward his hand.

He pulled the fabric aside.

Two fingers dragged through her wet pussy, parting her, discovering her. She

gripped the door handle with one hand and kept the other buried in his hair, holding his mouth against her breast. His tongue flicked her nipple, as his fingers moved below.

One found her warm, swollen clit, and the shock of it made her arch into his hand, hand gripping his arm.

“Oh, my God,” she moaned, biting her lip.

She pressed her head back against the headrest and rolled her hips into his hand. He released her breast and kissed across her chest to the other side. He pulled the second cup aside and took the nipple into his mouth. His teeth grazed it, just enough to sting, and when he sucked, she cried out before she could stop herself.

His mouth moved over her breasts while his hand worked between her legs. His thumb pressed against her clit. He slid one finger inside her. Then two. He curved them upward and stroked. She made a sound she had never made in her life.

He picked up the pace. She couldn't keep still—hips grinding, thighs clamping around his wrist, fingers gripping his hair. Her pussy throbbed around his fingers, and she was saying please, over and over, shamelessly.

He lifted his head from her breast. His lips were wet.

“Look at me,” he said.

She did.

He sucked her nipple into his mouth, hard, and rubbed his thumb in a tight

circle against her clit.

Her back arched off the seat. Her mouth fell open.

“Oh, God, I’m gonna come!”

The orgasm broke through her and she heard her own voice fill the car. He kept his hand moving, drawing it out, until she was twitching and pushing at his wrist because she couldn’t take any more.

Sa wakas, tumigil na ito. Hindi siya makapaniwala sa intensidad ng lahat. She looked exactly like what she was—carnally pleased in the car, her bare breasts rising and falling, her thighs spread apart, her lips parted.

Napalunok siya, saka mainit ang mukhang itinaas ang pantalon at nagsimulang isara ang blouse.

Napapatingin siya sa lalaki. Nakatingin lang ito sa kanya, hindi niya mabasa ang reaksiyon.

“We should go upstairs,” he said.

Napalunok siyang muli, saka binuksan ang pinto. Isinukbit niya ang bag saka bumaba.

There was no turning back.

CHAPTER 4

Bumaba na rin ang lalaki ng sasakyan, saka nilapitan si Soling para abutin ang kanyang kamay at pisilin.

“All good?”

Tumango siya, muntikan nang maitirik ang mga mata. “Grabe ka.”

Ngumiti lang ito, muling pinisil ang kanyang kamay. Tumuloy na sila sa elevator. Kumakalma na ang tibok ng puso niya habang sakay sila niyon. She needed a shower.

Bumukas ang elevator sa isang

hallway na malamlam ang liwanag. Hawak na ng lalaki ang susi. Nasa dulo ang unit nito. Binuksan nito ang pinto at ang ilaw sa loob. The house smelled like lemon wood conditioner. Dark furniture, low lighting. Malapad ang couch. Ilang hakbang sa likod niyon ay isang kitchen island na walang nakapatong na kahit na ano.

Parang walang nakatira doon. Wala ni anong amoy ng pagkain o kape. Wala ni isang personal na gamit sa coffee table, tulad ng remote, susi, o barya. Malinis masyado. Tahimik din, maliban sa mahinang ugong ng air-conditioning.

“Water?” anito.

“Yes, please,” agad niyang tugon. Naisip niyang baka iyon lang ang

mayroon ito.

Nagtungo ito sa kusina. Sumunod siya. Binuksan nito ang ref. May ibang inumin doon pero walang kahit na anong pagkain. Parang refrigerator sa hotel. Kumuha ito ng dalawang baso sa cupboard, sinalinan ang mga iyon ng tubig. Iniabot nito ang isa sa kanya. Agad siyang uminom.

They stood in his kitchen, saying nothing, the memory of what happened in the car sitting between them like a third person. Ibinaba niya ang baso. Pakapal nang pakapal ang tensiyon pero maghapon na siya sa labas.

“I need to shower,” she said.

Tumango ito at naglakad sa maiksing hallway patungo sa isang silid. Malinis na malinis din doon, parang hindi

ginagamit. May banyo sa loob.

“Would you care to join me?” tanong niya dahil bakit pa siya magpapakipot at magpapanggap na hindi doon mauwi ang lahat?

“Gladly.”

Pumasok na siya sa banyo. Hinubad niya ang pantalon, isinunod ang blusa, saka ang mga panloob. Nang pumihit siya at wala nang saplot ang lalaki. Pinagbigyan niya ang sariling pagmasdan ito. She liked this no-pretense setup they had going on. Ganito pala ang hookup, walang kiyeme-kiyeme.

His shoulders were broad, his stomach flat and tight, and his cock hung heavy between his thighs—thick, bigger than she expected. The sight of it

made her mouth dry despite the water she'd just finished.

He stepped into the shower and turned it on, adjusting the temperature with his back to her. She watched the muscles move across his shoulders, the hard lines of his back, the tight curve of his ass.

Agad nag-steam ang glass enclosure. Binuksan nito ang pinto para sa kanya, saka umatras para makadaan siya. Tumapat siya sa ilalim ng tubig, tumama iyon sa kanyang dibdib, bumaba sa kanyang tiyan. Sumunod ang mga mata nito sa dinaluyan ng tubig, walang kahit na anong itinago sa kanya. He wanted her bad and that made her ache for him even more.

Dumapo ang kamay nito sa kanyang

likod, sa kanyang balakang na tila ba may karapatan ito sa mga iyon. Lumapat ang mga palad niya sa dibdib ng lalaki, sabik damhin ang balat nito. Pareho silang hindi nagtangka ng kahit na ano, na para bang gusto nila parehong pahabain ang pag-asam.

Pinatay nito ang tubig, inabot ang tuwalya mula sa towel rack sa itaas ng shower. Nauna itong nagtapi, tumuloy sa tapat ng salamin. Piniga niya ang buhok at binalot din ang katawan ng tuwalya.

Nagsesepilyo ang lalaki. May nakahanda nang bago para sa kanya. They stood side by side in front of the mirror, brushing their teeth. It should have felt ridiculous, but somehow it didn't. Parang pareho nilang alam na

pinal na ang desisyon nila kung ano ang susunod na mangyayari at walang pagmamadaling makarating doon.

Tinapos na niya ang pagsesepilyo. Ganoon din ang lalaki. Pumuwesto ito sa likod niya matapos niyang mag-mouthwash.

In the mirror, she watched him press his lips against the side of her neck, soft at first, then open. His tongue dragged a slow line from beneath her ear to the top of her spine, and the wet heat of it on her nape made her stomach tighten. One arm came around her waist and his hand cupped her left breast, lifting the full weight of it, his thumb and forefinger closing around her nipple. She could see everything—his hand dark against her skin, her nipple

stiffening between his fingers, his mouth working the curve of her neck.

Her lips parted, breath shallow.

Pinangko siya nito bago pa man siya makapihit. Para siyang bride sa honeymoon. Ikinapit niya ang mga kamay sa balikat nito nang dalhin siya sa silid. Sana hindi sila tanaw ng nasa tapat na gusali dahil hindi nakasara ang blinds. Ibinaba siya nito sa malapad na kama, saka inabot ang remote ng blinds na agad sumara. Binuksan nito ang malamlam na liwanag sa sulok ng kisame.

Nanatili lang itong nakatayo sa loob ng ilang sandali, nakatitig sa kanya. And then he was on the bed beside her, his mouth on hers. His hand found her breast and he cupped it, his thumb

dragging slow across her nipple until it hardened.

He kissed down her jaw, her neck, the hollow of her throat, and then his mouth replaced his hand, his warm lips closing around her nipple while his tongue stroked it. Her back arched off the mattress and her hand went to the back of his head. He gave her other breast the same unhurried attention, his hand kneading the one his mouth had left wet and sensitive.

Then, slowly, he moved lower, kissing a path down her body as if he meant to taste every inch of her before he reached where she needed him most. His mouth traveled down her ribs and across her stomach, his lips dragging against her skin. He slid from the bed

and settled on his knees between her legs. Pulling her to the edge by the hips, he spread her thighs and lowered his mouth to her pussy.

His tongue worked over her in slow, flat strokes, each one ending at her clit. Then his lips closed around the swollen bud. He sucked once, released, sucked again, and when his tongue replaced his mouth, it moved relentlessly, as if he already knew what made her tremble and meant to pull it from her.

Her hands gripped his hair. The muscles in her thighs started to shake and she couldn't stop them. The pressure built so fast it left her breathless. When she came, it was with his mouth sealed over her pussy and his tongue still stroking her clit. The

orgasm rolled through her in long, pulsing waves that made her pull his hair hard enough that he groaned against her.

He kissed the inside of her thigh and climbed onto the bed beside her. He reached for a condom, rolled it on, and then turned her onto her side until her back was flush against his chest. His arm slid under her body and wrapped around her ribcage. His chest pressed warm between her shoulders. His stomach held firm against the small of her back.

She felt his thick, hard cock pressing against her ass. He nudged between her thighs first, rubbing the head of him through her drenched pussy, testing her, feeling how ready she was. He

sucked air through his teeth.

“Look at you,” he said roughly. “So ready for me.”

Then he slowly pushed into her from behind.

Her pussy was swollen from coming twice already, engorged and tight and almost too sensitive, and the head of his cock stretched her open with a pressure that made her inhale sharply. There was a moment where her body resisted—the sheer thickness of him against her tightness—and then she softened and he eased in.

She felt every inch of him, the slow glide of his shaft through her. In the quiet room, the soft, slick sound of him entering her seemed even louder. When he filled her completely, he went still,

and she clutched the sheets, barely able to breathe around the fullness of him.

The rhythm started slow. Long strokes where he pulled almost all the way out, leaving her aching with the loss of him, and then pushed back in so she felt the whole length of him filling her again. The friction was almost unbearable, the slick, tight drag of his cock deep inside her, and each time he buried himself deep, a loud moan broke from her.

“Touch yourself,” he said against her ear.

Her hand went between her legs without hesitation. She was soaked, her clit swollen. She rubbed in tight circles while he fucked her from behind, and the combination of her own fingers and

his cock was almost too much. Her eyes closed and she sank into it, the wet heat under her fingertips, the relentless fullness of him pushing into her over and over, the solid weight of his body along her back.

His hand closed around her wrist and moved her fingers away.

“Let me.” His fingers replaced hers, and he knew where to press without searching, his middle finger settling directly on her clit with a pressure and speed better than what she had been doing herself.

His other hand reached over her body and cupped her breast, lifting it as if her body was his to handle, his to use for every bit of pleasure he meant to take and give. His mouth closed over

her nipple from that angle, making it work. The possessive confidence of it sent heat rushing through her. His tongue pressed flat against the tip before he sucked hard enough to send the sensation straight down to where his fingers were working.

He swore softly against her skin, his hips never slowing.

“You like that, kitten?” he said roughly, thrusting deep.

She nodded because language was gone.

“Say it.”

“Oh, God, yes,” she managed, her voice breaking. “Just like that.”

“Good.” He pulled back and drove into her again, his fingers moving faster on her clit. “You’re going to come on my

cock.”

His fingers worked in quick, firm circles, and his hips found a harder rhythm, shorter strokes, deeper, each one marked by the wet sound of him driving into her. She was clenching around him now without meaning to, and the tension in her body climbed and climbed until she was taut against him, one hand closing over his wrist to hold on.

The orgasm hit from two directions at once, and it tore through her differently from the others. It went deeper. Lasted longer. Left her shaking around him. Her pussy tightened in hard pulses, and he groaned against her neck. Her thighs tried to close over his hand, but he kept rubbing until she

reached down and pulled his fingers away because she could not take any more.

He lost the last of his control. His arm tightened around her ribcage, locking her against his chest. He drove in as deep as he could and came with a low, rough groan against her shoulder, his breath hot and ragged on her skin as his body jerked hard behind her.

Neither of them moved. His chest rose and fell against her back. His arm stayed wrapped around her. He had not pulled out yet. His free hand came to rest flat on her stomach, fingers spread wide.

Nanatili lang sa posisyon si Soling, nakabibingi ang lakas ng tibok ng puso, nangangatal pa rin ang katawan,

mayroon pa ring pabugso-bugsong init na dumadaloy sa pagitan ng kanyang mga hita. God, how could those tiny bursts of pleasure still keep washing over her like that? She was still moaning, her pussy so sensitive she could barely stand it.

This man had driven her out of her mind.

Mayamaya ay nadama niya ang pagdampi ng mga labi nito sa kanyang balikat, saka naghiwalay ang kanilang mga katawan. Even that felt so wildly intimate. Maingat siya nitong ipinuwesto sa tabi nito, saka hinigit ang duvet para kumutan sila. Pumihit siya paharap dito.

“You okay?” tanong nito, may bahagyang ngiti sa labi.

Naitirik niya ang mga mata, halos wala pa rin sa sarili. “God, yes. You have a beautiful cock and you fuck like a beast.”

Ang lakas ng tawa nito. Nag-init naman ang kanyang mukha bagaman hindi na binawi ang sinabi. It was the truth. He brought out the beast in her! Pero hindi na nito kailangang malaman pang hindi niya kilala halos ang sarili sa gabing iyon. Ang mga halinghing at pakiusap na kumawala sa kanyang mga labi ay hindi pamilyar sa kanya. Ni ayaw na muna niyang isipin kung paano na kapag naalala niya ang pagliyad-liyad niyang parang porn star, at kung bakit noon lang niya iyon ginawa sa tanang buhay niya. Para bang napunta sa lalaki ang kontrol ng katawan niya at alam

nito kung paano iyon pagalawin sa lahat ng karnal nitong kagustuhan.

Dinampian nito ng halik ang kanyang labi. “You’re wonderful.”

Saka niya naalala ang isang bagay. “I... I wasn’t able to give you... head.”

Humalakhak ito. She thought she loved the way he looked even more when he was laughing. Gustong-gustong rin niya ang malalim na tinig nito.

“Next time. I promise. Now, rest.”

Pumikit siya at hindi inasahang makakatulog agad. Naalimpungatan siya mayamaya. Nakarinig siya ng lagaslas ng tubig mula sa banyo. Dumaan sa isip niya ang nagawa, pero pagpikit ay nawala na ring agad ang lahat sa sistema niya. Nagising siya sa mahinang tunog ng phone.

Napabalikwas siya ng bangon. Nag-iisa siya sa silid. Agad niyang nakita ang bag na nakapatong sa isang upuan. Wala iyon doon kagabi.

Tumayo siya at inabot iyon, kinuha sa loob ang phone. Si Ninang Pining ang tumawag kaya sinagot niya.

“Hello?”

“O, bakit parang bagong gising ka? Naghihintay ako ng balita kanina pa. Nakapasa ka ba sa interview?”

Nailayo niya ang phone sa tainga. Eleven o'clock! Muli niyang ibinalik sa tainga ang phone. “Opo, Ninang. Pasensiya na po, hindi ako agad nakatawag, pero nag-message po ako sa inyo kahapon.”

“Naku, eh, napakialaman ng apo kong maliit ang phone kaya nag-lock.

Pinapa-unlock ko pa nga doon sa anak ko. Bueno, kelan ka magsisimula?”

“Pupunta na lang po ako diyan mamaya, ‘Nang.” Naisabunot niya ang isang kamay sa buhok.

“Siya, sige. Hihintayin kita.”

Nang ibaba ang phone ay kinuha niya ang mga damit na nakapatong din sa silya. Nasorpresa siya nang maamoy ang mga iyon, walang bakas ng amoy-pagkain, mall, o usok ng bar. Bagong laba. Mabilis na lang siyang naligo, ginamit ang ilang nakitang toiletries sa banyo, saka nag-ayos ng sarili.

Nang lumabas siya ng silid ay hinanap niya ang lalaki pero wala nang tao sa unit. May nakita siyang pagkain sa kitchen counter, mula sa isang sikat na restaurant. May note sa ibabaw:

Enjoy your breakfast. – J

Napahawak siya sa mga pisngi nang maunawaang ni hindi niya alam kung ano ang pangalan ng lalaki. J, as in? Aalamin niya pagbalik nito.

Tiningnan niya ang pagkain. May label ang mga lalagyan. Angus beef tapsilog, sausage and mash, croissants. Breakfast nga. Pero lunch na dahil ang haba ng tulog niya. That was surprising to her. Kahit sabihing nakainom siya, hindi siya nakakatulog nang ganoon kahaba. Hindi siya nakakatulog nang ganoon kahimbing. Not this past year. Lalong hindi siya nakakatulog nang mahimbing sa bahay ng iba. Naisip na lang niyang siguro, bumigay kagabi lahat ng defenses niya, pinabayaan niyang bumagsak ang lahat ng iyon.

Kumain na siya. Nang matapos ay nakarinig siya ng pagkatok. Nagtaka siya. Bakit hindi na lang pumasok ang lalaki? Sumilip siya sa peephole, isang babae ang nasa labas. Binuksan niya ang pinto.

“Magandang tanghali, ma’am,” anitong nakangiti.

Napansin niya ang naka-embroider na pangalan sa dibdib nito—ND Cleaning Services.

Ngumiti siya. “Magandang tanghali.”

“Twelve po ang check out natin, ma’am. May mag-check in po ng two,” nakangiti nitong sabi.

Halos mapanganga siya, sabay tingin sa wall clock sa loob. Pasado alas-dose na.

“Wait, rental ba ito? Hotel?” aniya.

“Airbnb po, ma’am.”

Bigla siyang napatango. It suddenly made sense. Kaya parang napaka-impersonal ng buong unit, walang anomang palatandaan ng isang taong nakatira doon. The man didn’t live there!

Itatanong sana niya sa babae kung ano ang pangalan ng nag-book ng silid pero alam niyang malamang na hindi rin nito sasabihin kung alam man. Ang may-ari ng unit ang nakakaalam ng impormasyong iyon, na siyempre hindi rin sasabihin sa kanya.

“Sige po, ate. Kukunin ko lang ang gamit ko.”

Tumango ito. Mabilis siyang nag-ayos ng sarili, saka tiningnan kung may

iniwang note sa mga drawer ng bedside table ang estranghero. Wala.

Hindi niya maipaliwanag kung bakit nanlambot siya. Bakit hindi man lang nag-iwan ng kahit na anong impormasyon ang lalaki tungkol sa sarili? But then, why would he? Baka may asawa pa pala ang loko kung hindi man lang nag-abalang ibigay sa kanya ang contact details nito. Nangilabot tuloy siya sa isipin.

Nagpaalam siya sa babae, pilit nang inalis sa isip ang estranghero mula sa nagdaang gabi, kahit parang naka-loop sa isip niya ang mga eksena—siya, nakahilig sa perpektong katikasan nito habang magkasanib ang kanilang mga katawan. All she could do last night was bite her lip as her breasts bounced with

every hard thrust, his cock driving into her so deep she still felt stretched and swollen. God, the thought of it alone made her burn. Napapasinghap siya kahit nag-iisa sa elevator.

Inilabas na lang niya ang phone para mag-book ng masasakyan. Pero nasaan ba siya? Mabuti at nahanap naman ng app. Wala pang isang minuto siya sa labas ay pumarada na ang na-book niyang Grab. Nagpahatid siya sa parking lot ng bar kagabi.

Bukod sa napakainit sa loob at sa umaatikabong overnight parking fee, wala namang naging issue. Nag-charge siya ng phone habang nagmamaneho patungo sa bahay ni Ninang Pining.

Laman ng isip niya ang estranghero. Bakit ni hindi nito iniwan ang

pangalan?

Sira, ang mas dapat mong itanong, bakit hindi mo inalam? Hindi mo man lang naalalang itanong, tumihaya ka na.

Buntong-hininga na lang ang nagawa niya, hindi maunawaan kung bakit nanghihinayang kahit hindi niya alam kung ano ang pinanghihinayangan. It was a hookup, plain and simple. Gusto tuloy niyang magtaka kung bakit madaming gumagawa ng ganoon kung parang napakahirap pala. Hindi man lang makikilala ng isang tao ang makakasama nito isang buong gabi? Ganoon na lang talaga?

Well, yeah, maybe that was the entire point. Kung ayaw pala ng mga taong naghu-hookup ng pansamantala, sana

nanligaw ang mga ito o naghanap ng isang makakarelasyon. Duh.

Ang kailangan niyang isipin ngayon ay ang pagpunta sa Villa Arcilla. Lunes daw siya inaasahang mag-report. Biyernes na. Linggo siya dapat umalis, mag-check in sa isang inn, para maaga siyang makapasok sa Lunes.

I guess it's good-bye forever, stranger, sa isip-isip niya kasabay ng isang malalim na buntong-hininga.

CHAPTER 5

Wala na halos gamit si Soling sa bahay na nirentahan, pero ang ilang natira ay hindi na niya dinala sa bahay ng lola niya kundi binenta na lang sa kapitbahay nang palugi. Mas mapapamahal pa siya kung magrerenta ng sasakyang maghahatid ng mga iyon sa probinsiya. Ang buong buhay niya tuloy ngayon, nasa limang maletang magkakaiba ang sukat. Iniwan niya ang tatlo sa ninang niya, habang ang dalawang maliit ay dala-dala sa

sasakyan.

Inalis niya sa puso ang dalamhati para sa buhay na nawala. Kailangan niyang tigilan ang pag-iisip sa ganoong paraan. The simple truth was that her life was different now. And she had a plan. Iyon ang importante. Hindi iyong naliligaw siya ng direksiyon dahil iwas siya nang iwas sa daang ito, hanggang sa wala na siyang ibang malusutan. Life was hard. It was even harder if one couldn't toughen up.

Ilang ulit niyang naisip na siguro nga, masama ang gagawin niya, pero papasanin na lang niya ang kalbaryong iyon. Mas madali sigurong pasanin kung may ilang milyon siyang hawak, kaysa iyong mga utang ang nakadagan sa kanya. Kailangan niyang isipin ang

kinabukasan niya. Napakatagal makabayad kung ang magiging solusyon niya ay matuwid. Pakapalan na lang sila ng mukha ng mga buwaya sa gobyerno. Konsiyensiya niya, hila niya. Besides, what if she ended up marrying Timmy anyway? Sino ang makapagsasabi?

Nasa sasakyan niya ang mga maleta, binaybay na niya ang daan patungo sa Villa Arcilla. Panaka-naka, dumadaan sa isip niya ang guwapong mukha ng estranghero. Ilang ulit na niyang nahuli ang sariling hinuhulaan kung ano ang ibig sabihin ng J. James, John, Joseph? Palagi siyang napapailing dahil ilang milyon kaya ang J sa mundo. Bakit kasi ni hindi pa nito binuo?

Mayamaya ay natanawan na niya ang

malaking arko sa dulo ng kalsada. Lumiko siya sa kalsadang iyon mula sa highway. Parang isang buong sitio sa laki ang villa. Ang kabilaan ng daan ay mataas na bakod na yari sa kongkreto, pero malilim dahil salubungan sa gitna ng kalsada ang mga sanga at dahon ng mga punong mangga.

“Ang ganda,” sambit niya. Nakakamiss ang ganitong view. Peaceful ang bahay ng lola niya dahil malaki ang lote at may mga puno at tanim sila sa likod at harap ng bahay. Pero ngayon, hindi na masyadong tahimik, naibenta na rin ang likod na lote kaya lumiit ang taniman.

Sinalubong siya ng isang security guard. Agad niyang ibinaba ang bintana.

“Good morning, ma’am. Saan po sila?”

Nakangiti niyang sinabi ang sadya. Mukhang natimbrehan na ito kaya pinatuloy na siya. Itinuro niyon ang isang building, kung saan naroon daw si Rowena Cordillo.

Mababa ang gusali, maliit, tanggapan ng farm. Nahahati iyon sa dalawa, admin at sales. Nasa admin si Rowena kaya doon na siya tumuloy. Simple lang ang loob, bukas na opisina may waiting area at reception. Sa likod ay mga mesa at mabababang cubicle. Sinabi niya sa receptionist ang sadya.

Tumayo ang babae at sinabi sa opisina, “Te Weng, nandito na ‘yong kapalit ni Erlinda.”

Isang ateng chubby ang tumayo mula sa cubicle, agad ngumiti. Mukha itong barangay worker sa malinis na pagkakalagay ng barette sa buhok na naka-ponytail. May salamin sa mata, may makeup, naka-polo shirt na may tatak ng Villa Arcilla, medyo chinita, maputi, may nunal sa pisngi.

“Ikaw si Consolacion?” tanong agad nitong nakangiti. “Halika, at doon ka sa kabilang opisina.”

Lumabas na nga sila ng admin office. May bitbit na malaking payong ang babae. Tumingin ito sa sapatos niya.

“Kaya bang maglakad nang mahabaha niyang sapatos mo?”

“Yes, ma’am,” tugon niya.

“Naku, Ate Weng na lang. Ano ba’ng palayaw mo?”

“Soling po.”

“Ang ganda mo.”

Bigla siyang napangiti. “Salamat po.”

“Hindi nga, ‘neng, ang ganda mo.”

Napatawa na siya. “Salamat po, Ate. Ikaw din.”

Ito naman ang humagikgik. “Sige, kunwari salamat na rin.”

Binuksan na nito ang payong. Nagpatuloy na sila sa paglalakad.

Isa sa mga dahilan kung bakit kompiyansa siya sa gagawin ay ang katotohanang nabiyayaan siya ng ganda at alindog. Ang sabi ng lola niya, mana siya sa mama niya. Siguro, iyon din ang dahilan kung bakit ang sabi ng ninang niya, magaling ang mama niya sa mga romance scam. Kung paano nito nagawa nang hindi nagagalit ang

kanyang ama na assistant pa nito, hindi niya alam. Noong araw din daw, katan-dem nito si Ninang Pining. Halos nai-imagine na niya kung magkano ang nakuha ng dalawang babaeng puno ng alindog.

“Akala ko po sa admin office ako,” aniya kay Ate Weng.

“Doon ka sa opisina ni Madame Helen. Magre-retire na kasi ‘yon. Kailangan ni Boss Caloy ng assistant. Next week pa yata papasok si Boss.”

Naunawaan niyang si Ate Weng ang namamahala ng HR department.

“Sana magtagal ka. Ang hirap kasing kumuha dito kaya doon na nagpahanap sa Maynila. Ang kailangan talaga namin, eh, pang-managerial. Nakatatlong palit na kami ng admin

assistant. Iyong una, nag-resign agad kasi nalungkot daw. Tahimik kasi dito sa gabi. Eh, bata pa. Sanay yata sa party-party. Ikaw ba?”

“Naku, tapos na po ako diyan.”

“Mabuti. May kasiyahan naman din kami dito, pero kapag walang pasok. Mga magsasaka ang tao dito kaya natural, maagang matapos ang araw. Ang mga gulay at bulaklak naman, umaga inaangkat dito. Maaga nga pala ang pasok natin. Seven to four tayo.”

“Wala pong problema, ate.”

“Good.”

“Bakit po umalis ‘yong dalawa pa?”
curious na tanong niya.

Bigla itong napahagikgik. “Naku, eh, ‘wag mo nang mabanggit na nasabi ko sa ‘yo pero nasisante at lumalandi sa

amo!”

Nabigla siya. “Paano pong lumalandi?”

“Eh, di nagpapakita ng motibo. Uubra ba naman iyon kay Madame Helen? Istrikta nga pala iyon, palibhasa matandang dalaga.”

“Ay, grabe naman,” pakunwaring komento niya kahit biglang kinabahan. “Hindi naman po ako gano’n.” Plastikang na ito. Main agenda niya ang lumandi pero low-key. Mabuting nalaman niya agad na magiging issue pala niya kung sakali si Madame Helen. “Super strict po ba ni Madame? Parang gusto kong kabahan, Ate.”

“Naku, wala kang dapat alalahanin basta nasa tama ka. Mabait ‘yon, ‘wag kang matakot. Nagkataon lang na mula

pagkabata ng amo natin, nandito na siya kaya parang nanay-nanayan na rin.”

Ang dami niyang gustong itanong pero baka makahalata si Ate Weng. Kailangan muna niyang kapain ang mga tao sa villa. Dapat ding maging maingat siya sa pagpapakita ng motibo kay Timmy. Naisip niyang baka naman ang ibang mga babaeng nauna sa kanya ay tulad ng mga babae ni Ninang Pining na walang intro, humingi agad ng pera. O kaya lantaran ang pang-aakit kaya naalerto pati si Madame Helen. Nagmental note siyang huwag magmadali. This grift was going to take time.

Nang may dumaang pickup ay pinara iyon ng babae. Sumabay sila hanggang sa mansyon. Sobrang ganda. Slate ang

roofing, na alam niyang milyon-milyon ang halaga. Naglalakihan ang mga bintanang nakaarko ang ibabaw. Mayroong arched balcony. Sarisari ang rooflines na iba-iba ang taas. Layered ang hitsura ng bahay, hindi tulad ng sa ibang mansyon na flat.

Kaya naman pala agad nagpakita ng motibo ang mga babae, nakabalandra ang yaman ni Timoteo.

Sa gilid ng mansyon ay mayroong nakabukod na istraktura na katerno ng hitsura ng main house. Doon sila tumuloy. Pagpasok ay napakaelegante ng opisina, malayo sa hitsura ng admin office. Kahit ang amoy doon ay iba, amoy mamahalin. Lobby ang naroon pero walang receptionist kundi mahabang couch lang. May pintuan sa

tabi niyon.

Bumukas ang pintong pinagmulan nila at pumasok si Timmy. Hindi puwedeng hindi niya ito makilala dahil sa mga picture na sinaulo niya. Guwapo ang lalaki, medyo chubby, matangkad, maputi, mukhang may Chinese blood, may salamin sa mga mata, parang hindi nagsusuklay dahil unruly ang buhok na alon-alon. Madali namang ipabago iyon kapag sila na. *Lord, please, I really need this.*

Gusto rin niyang mapahiyang umusal ng ganoon dahil ang “this” na tinukoy ay panloloko ng ibang tao.

“Good morning,” bati nito sa kanilang parang nahihiya. Halos hindi ito tumingin sa kanilang direksiyon. Kumatok ito sa pinto ng opisina, saka

tumuloy sa loob.

Noon nakaramdam si Soling ng totoong kaba sa gagawin. It suddenly felt so real. Ngayong nakita na niya nang personal ang target, wala na talagang atrasan. Binalikan niya sa isip ang timeline ng plano. Puwede niya iyong i-adjust kung kinakailangan.

“Tara na, Soling,” tango sa kanya ni Ate Weng.

Pumasok na sila sa opisina. Mesa ni Madame Helen ang bumungad sa kanila sa dulo. Agad iyong nag-angat ng tingin, ngumiti naman. Siguro ay sixty years old na ito, naka-cat-eye glasses, nakapuyod ang buhok na banat na banat, parang nagpa-buccal fat removal sa taas ng cheekbones at lalim ng mga pisngi, manipis ang nakaarkong mga

kilay na itim na itim, flawless makeup. Mukha itong didiretso sa cover ng fashion magazine. Mukha ring kapag nagkamali ka ng spelling, lagot ka. Kinabahan siyang lalo. Si Madame Helen ang tipong hindi maloloko.

“Morning, madame,” bati ni Ate Weng.

“Good morning po,” nakangiti rin niyang bati.

Tumango ang babae, pinatuloy sila. Direkta itong tumingin sa kanya. “Are you the new assistant?”

“Yes, ma’am.”

“Mas maigi siguro, Weng, kung ipakita mo muna sa kanya ang tutuluyan niya, ipasyal mo rin muna. Baka matulad doon sa una na nang makita kung gaano katahimik dito,

biglang nag-resign.”

“Mas maigi nga po siguro, madame. Sige po. Halika, Soling, at nang makita mo muna.”

Sumama na nga siya sa babae. Makalabas ng opisina ay tumuloy sila sa garaheng may iba’t ibang sasakyan, kabilang na ang pickup trucks at tiny truck. Nanghiram ito ng susi ng sasakyan sa isang helper. Sa isang tiny truck sila sumakay—hitsurang muticab pero walang likod.

Habang nasa biyahe ay panay ang kuwento ni Ate Weng tungkol sa farm—kung ano-ano ang tanim doon, kung ano ang klima, kung gaano kalawak ang lupain, kung sino ang mga magiging kapitbahay niya dahil ang libreng tirahan ay nasa maliit na village ng mga

manggagawa ng villa.

Nadaanang nila ang napakalawak na greenhouse. Magkakatabi ang mga iyon. Mayroong panggulay at pangbulaklak. Malayo-layo sa opisina ang tutuluyan niya pero walang problema dahil puwede daw niyang hiram ang tiny truck. Puwede rin daw siyang sumabay sa mga manggagawa. May service naman daw tuwing umaga at hapon. Puwede rin daw niyang gamitin ang kotse niya. Ylang-ylang ang pangalan ng bahayan.

Maliliit lang ang mga bahay pero malalaki ang lupa. Lahat halos ng bahay ay may pananim sa unahan. Binibili rin daw iyon ng villa sa mga ito, para isama sa mga binebenta sa mga umaangkat.

“Kapag Pasko, may bonus ang

pinakamadaming ani kaya pagalingan din sila sa pagtanim. Mabait ang amo kaya masaya ang mga tauhan, kuntento. Hindi tulad sa iba, kawawa ang mga magsasaka.” Halatang proud si Ate Weng, at bakit nga naman hindi?

Binale-wala niya ang pagsingit ng guilt, inisip na wala pa naman siyang ginagawa. Ni hindi pa niya alam kung magagawa niya ang balak.

Pinarada ni Ate Weng sa bandang dulo ng Ylang-ylang ang sasakyan. Iyon lang at ang katapat ang tanging mga bahay na walang tanim sa bahaging iyon. Wala siyang kapitbahay sa kanan niya dahil dulo na ang bahay. Tinanong niya tuloy kung hindi ba masyadong madilim sa gabi.

“Walang krimen dito sa loob ng villa

kung ‘yan ang inaalala mo.” Tumawa si Ate Weng. Bumaba na ang babae, tumuloy sa loob ng tarangkahang gawa sa kawayan. “Iyang katapat mo, diyan tumutuloy si Boss Caloy minsan. Depende sa trabaho sa farm. Ang bahay ko naman, doon sa kabilang street. Pang-apat mula sa kanto. Itong nasa kaliwa mo, si Irma, madalas wala iyon diyan dahil buntis. Sa office din ‘yon pero mas gusto ng biyenan na doon sa bahay niya umuwi, sa bayan at malapit sa ospital. Pero babalik din daw sila ditong mag-asawa pagkapanganak.”

Mas malaki sa tipikal na bahay sa mga subdivision ang bahay, bungalow. Maganda naman ang loob, kahit pa nga luma na rin. Luma ang sala set pero maganda pa, ambassador chair. Ang

silid ay may malaking kamang gawa sa kahoy. Halatang hindi iyon binili, ginawa lang ng dating nakatira siguro pero mukhang matibay dahil ang tataba ng mga paa. Kailangan lang niyang bumili ng kutson.

May gas stove sa dirty kitchen sa labas, extension ng bahay. Nang buksan niya ang kalan ay umapoy naman. Ayon sa gauge ng LPG, puno pa ang tangke. Kailangan niya lang ng air fryer at electric kettle para sa kusina sa loob. Hindi siya magtatagal kaya puwede na, pero baka maisipan niyang pinturahan kahit isang coat lang para maaliwalas.

“May ref akong extra doon, kaso maliit lang. Hindi ko nagagamit. Kung gusto mong hiramín, ipapadala ko dito,” ani Ate Weng.

“Ay, hindi ako tatanggi, Ate,” nakangiti niyang sabi.

“Basta’t magtagal ka at retire na retire na iyong si Madame. Hindi naman puwedeng walang katulong si Boss at kawawa rin. Napakasipag pa naman no’n. Bawal kang lumandi, ah. Kukurutin kita sa singit!”

Natawa siya, kahit kinabahan na naman. Bakit ba bawal landiin si Timmy? Iyon nga ang main purpose niya sa mundo ngayon.

Nagyaya na rin ang babaeng bumalik sila sa opisina. Iniwan na siya nito kay Madame Helen. Ngumiti siya sa babae.

“Please sit down, Soling,” anito. Tumalima siya. “Binasa ko ang resume mo. May-ari ka pala ng franchise pero nagsara recently ang business. Tell me

about it.”

Nagdesisyon siyang maging honest. Hindi lahat ng impormasyon kailangan niyang imbentuhin, lalo na ang mga ganoong bagay. Hindi maituturing na totoong krimen ang gagawin niya. Hindi siya makukulong kung ang perang kukunin niya ay kusang binigay. That was the beauty of the con. Mahirap ding magtahi ng kuwentong madaling i-verify.

“I trusted the wrong person po, ma’am. Mismanagement sa part ko, I can admit that. I was struggling emotionally so I took a break. Pagbalik ko, wala na akong naabutan,” aniya.

“Would you mind telling me why you took that long a break? I assume it was long.”

Dama niya na inaanalisa nito kung uubra ba siyang pumalit dito. She had to tell the truth.

“About a year, ma’am.” Bahagya siyang napabuntong-hininga. “I lost my cousin, she was my best friend. A few weeks later, my boyfriend of seven years told me he couldn’t marry me. Pinagkatiwala ko po muna ang negosyo sa assistant ko. I would check in from time to time. Malinis po ang mga papel, ang mga resibo. Little did I know she faked it all. Noong nagsimula na akong padalhan ng legal notices, saka ko hinalughog ang problema. By the time nalaman ko, hindi ko na makontak ang assistant ko. Inaasikaso na po ng abogado ngayon ang demanda.”

“Oh, I’m very sorry.” Napuno ng

simpatya ang mukha ng babae.

“It’s okay, ma’am. Actually, nakatulong po sa akin ang nangyari sa business kasi na-realize ko na kailangan kong umalis sa Manila. I need some peace and quiet, more time for myself. Kaya po farm job talaga ang hinanap ko. Fortunately, natanggap ako dito. Sana po hindi makaapekto ‘yong nangyari sa business ko sa opinyon n’yo sa akin. I promise, I’m not irresponsible.”

“Oh, no, Soling, never. Trust me. I’ve lost a lot of people, too.” Nakauunawa itong ngumiti. “Well, let’s get started.”

In-orient siya nito kung ano ang mga ginagawa nila sa opisinaang iyon.

“Carlito—you call him boss or Boss Caloy—does a lot of work kaya kapag wala na ako, ikaw na ang gagawa ng

lahat ng kailangan kong gawin. Ang iniisip ko nga, baka kailangan mo ng assistant. Ako kasi sanay na. I've been doing this for decades. Si Caloy naman, hati ang oras no'n. Kapag wala 'yon dito, nasa farm. Napakasipag.”

“Siya po ang manager ng villa?” tanong niya.

Tumango ito. “Yes. Ako ang assistant niya kung tutuusin, pero dahil nga busy na, ako na ang namamahala sa paperwork. Well, aside from the usual accounting and cost control. I check everything here, and then I give it all to Caloy.”

Napatango siya. Iyong Caloy ang isa sa dapat niyang sipsipan, pagmental note niya. Ano kaya ang puwedeng pampadulas? Alak?

Panabong? Saka na niya iisipin. Madali na iyon. Kung ano ang gusto, ibibigay niya.

CHAPTER 6

May dalawang kainan sa Ylang-ylang, kina Aling Rosita at Mang Gani. Almusal, lunch, at merienda ang tinda ng dalawa. Dinaanan si Soling ni Ate Weng dahil si Madame Helen ay sa mansyon kumakain. Sakay sila ng tiny truck patungo sa Rosita's Eatery.

“Dito mas madaming pagpipiliang gulay. Doon kay Mang Gani puro pampahaba ng buhay,” imporma ni Ate Weng. “Oy, Ate Rosie, may bago tayo, si Soling. Soling, si Ate Rosie.”

“Ay, kaganda. Parang ako noong dalaga,” komento ng babae.

“Ate Weng, pakilala mo kami,” wika ng isang lalaking nakapuwesto sa isang mesa. Siguro taga-office dahil naka-unipormeng poloshirt. Ang sabi ni Madame, puwede daw siyang kumuha niyon kay Ate Weng after two weeks.

“O, Soling, iyan si Potpot, taga-sales. Madaming babae ‘yan. Ito namang payat na ito, si Omar. Dalawa na anak niyan, parehong panganay. Iyong malaki ang tiyan, si Bong, biyudo ‘yan, walang anak, maaasahan, pero lasenggo.”

“Aray mo, ‘teh,” natatawang sabi ni Bong, mukhang hindi naman nasaktan.

“Wag ninyong liligawan itong isang ito at baka umatras, hindi magtagal dito

sa atin. Kailangang-kailangan ni Madame ng kasama. ‘Buti kung mga pogi kayo.’

“Aray mo, ‘teh,” halos sabay-sabay na sabi ng mga ito.

Natawa si Soling pero napansin ang malaking aninong lumapit. Paglingon ay nakita niya si Timmy. God, the man looked so gentle and sweet. Walang mag-aakalang nagkaroon ito ng lakas ng loob kumuha ng mga escort. But then he treated those escorts as girlfriends. He must have a very sad life.

“Magandang tanghali, sir,” bati ng mga tao rito.

“Magandang tanghali po,” bati niya nang pumila ito sa likuran niya.

“Magandang tanghali.” Ngumiti ito, parang nahihiya.

“Ay, Sir Timmy, si Soling, pumalit kay Erlinda,” pakilala sa kanya ni Ate Weng.

“Welcome, Soling. I hope you like it here.” Ngiting-ngiti ito.

“Thank you po, sir,” tugon niya, nakangiti rin.

Binigay na sa kanila ang order, sa kanya ay gulay at kanin, katulad ng kay Ate Weng. Umorder din si Timmy. Niyaya ito ni Ate Weng na sa mesa nila pumuwesto. Doon nga ito naupo.

“Wala si Manang,” tila paliwanag ng lalaki. “Hindi masarap ang ulam sa bahay.”

Bumungisngis si Ate Weng. “Kung si Loreta ang cook, siya lang talaga ang makakakain. Mabuti natiyaga ni Madame?”

“Nagluto siya pero hindi ko rin gusto ang luto niya.” Parang napapahiya ang lalaking kumamot ng ulo, saka bumaling sa kanya. “I know what you’re thinking—I’m too old not to know how to cook. But I’m an imbecile in the kitchen.”

“Sa susunod po, sir, kung gusto ninyo, puwede naman po akong magluto,” aniya.

“That’s not part of your job.”

“I don’t mind.”

Namula ang mga pisngi nito. Mabuti at dinala na ng serbidora ang mga inumin nila.

“Kailan po ang balik ni Boss?” tanong ni Ate Weng, saka sumubo.

“Next week ang sabi niya.”

“Hindi na po kayo babalik sa

Maynila?” ani Ate Weng.

“Hindi ko pa alam. I’m enjoying my time here anyway.” Tumingin ito sa kanya, pero mabilis ding iniwas ang mga mata. “Where are you from, Soling?”

“Manila po, sir, pero sa Tiaong po ako lumaki.”

“Drop the po and the sir. People call me Timmy.” Ngumiti ito. Muli, parang nahihiya.

Sinuklian niya ang ngiti nito. Mahirap na hindi. Genuine ang sa kanya. The man was a gentle giant. Gusto sana niyang ituloy-tuloy ang kuwentuhan nila pero alerto siya sa pakikiramdam kay Ate Weng. Ayaw niyang mapagsabihan na unang araw pa lang, nagpakita na siya ng motibo

tulad ng mga nauna sa kanya. Baka maisumbong pa siya kay Madame. Salamat at nagkuwentuhan na ang dalawa tungkol sa farm at kay Caloy.

“May kakausapin din kasi siyang supplier ng bagong farm equipment,” sabi ni Timmy. “Sabi ko, isahin na lang niya lahat para hindi na siya babalik next month. Usually, isa-tatlong araw lang siyang nawawala dito pero madaming aasikasuhin ngayon.”

Mukhang malaki ang ganap noong Caloy sa farm, konklusyon niya. Kailangan talaga niyang padulasan.

Nang matapos silang kumain ay nagpaalam na rin si Timmy. Umalis na rin sila ni Ate Weng. Sa sasakyan ay naisipan niyang magtanong.

“Mukhang close po sina Sir Timmy at

Boss Caloy, ano?”

“Ay, oo naman. Sila ang magkalaro noon. Parehong dito lumaki ang mga ‘yan sa farm. Nag-aaral pa ako noon. Siguro pa-graduate ako ng high school noong mga bata silang naglalaro dito sa villa. Halos magkasing-edad sila. Si Sir Timmy, kakauwi-uwi rin lang ng Pilipinas kaya talagang si Boss Caloy ang inaasahan dito. Saka pinag-aralan talaga no’n ang pagsasaka. Ito namang si Sir Timmy, hindi ko lang alam kung magtatagal dito.”

“Saan po siya pupunta? Doon po sa Manila? Sa Arcilla Group? O babalik abroad?” usisa niya, genuine ang concern. Kung may balita kung kailan aalis si Timmy, kailangang ma-adjust ang timeline ng plano niya.

“Iyan ang hindi ko alam. Wala namang sinasabi. Mahiyain ‘yon, hindi nagkukuwento ng personal na buhay. Basta isang araw na lang, umuwi dito. Wala namang sinabi kung magtatagal.”

Humimpil na ang sasakyan sa tapat ng opisina. Nagpasalamat siya sa babae, tumuloy na sa loob. Nag-focus siya sa trabaho. She needed to impress Madame Helen. She also wanted to know how much the villa made that quarter.

Nagulat siya sa laki ng profit ng Arcilla Farm. Natuklasan din niyang ang Villa Arcilla pala ay isa lang sa farms ng korporasyon, na major player sa food and meat industry ng bansa. Gayonman, ang main office niyon ay nasa Laguna, kung saan naroon din ang

malaking planta. Lumalabas na ang villa ay may sariling management. Siguro dahil iyon ang original at ayon na rin kay Madame, ayaw pahawakan sa iba ng yumaong lolo at lola ni Timmy.

My God, I can totally take as much as I want and Timmy wouldn't feel a damn thing. Baryang-barya sa kanya. But maybe I can marry him. Yes, why not? I can live with a sweet gentle giant. I may even fall in love.

Ah, saka na niya iisipin ang lahat ng iyon. Kailangan muna niyang mapagbuti ang trabaho nang makapasa siya kay Madame Helen. Kailangan niyang tandaan na hindi pa siya pasok sa banga.

Kahit alas-kuwatro na ay hindi pa siya nagpaalam. Tinapos niya ang

gawain hanggang alas-singko, saka siya nagpaalam kay Madame Helen na parang wala pang balak umuwi. Nakangiti ito sa kanya, tanda na natuwa ito sa trabaho niya.

Naglakad na siya patungo sa HR office para kunin ang sasakyan na doon pinarada. Mayamaya ay may humimpil na SUV sa tapat niya. Bumukas ang bintana niyon. Si Timmy.

“Hello. Need a ride?”

“Okay lang po ba, sir? I mean, Timmy.” Matamis at demure ang ngiti niya rito.

“Of course. Hop in.”

Agad siyang tumalima. Nang makasakay ay agad itong nagtanong kung saan siya patungo. Sinabi niya naman. Tinanong niya rin ito kung

saan ito papunta.

“I was gonna grab something to eat. Would you like to join me?”

“Okay lang? Medyo gutom na rin ako.” Wala siyang balak palampasin ang pagkakataon. Hindi naman siguro iyon ibabawas ni Madame Helen sa puntos niya. Hindi rin naman siguro nito malalaman.

“Of course.” Ngiting-ngiti ang lalaki.

Sa bayan sila tumuloy. Nilibre siya nito sa isang restaurant. He was too shy, and really too lonely. Nakikita niya iyon sa kilos nito. At sa pananalita ng lalaki, mabilis niyang nakuha ang timpla ng pang-aakit na gagawin dito.

God, this is going to be so easy, she thought, knowing deep inside she was going to make millions from the poor

man. But he had so much money he wouldn't feel it. Pinangako rin niya sa sarili na titiyakin niyang hindi ito masasaktan nang sobra. Kung hindi man, walang masamang maging asawa ito.

She gave herself six months to complete the task.

AIR FRYER, electric kettle, at rice cooker ang laman ng cart ni Soling. Nasa isang hardware store siya na may appliance section. Gusto sana niyang magpa-install ng aircon pero wala pa siyang budget. Isa pa, baka saglit lang siya sa villa. Kaya niyang magtiis.

Dumaan siya sa paint aisle. Balak niyang pinturahan ang pader ng bahay sa susunod na linggo para na rin

mabawasan ang init at maging malinis tingnan. Medyo luma na kasi ang bahay kaya may mga mantsang hindi makuha sa punas. Roller brush, paint brush, at apat na litrong pintura ang kinuha niya, saka nagtungo sa cashier.

Habang nakapila, hindi niya naiwasang maalala ang lalaking ilang araw nang gumugulo sa isip niya. She wondered where the man was now.

“Ang suwerte ko sa araw na ‘to.”

Bigla siyang napalingon sa likuran at natigilan nang makita roon ang lalaking laman ng isipan. Sa labis na pagkabigla ay hindi niya nagawang magsalita agad. Ngiting-ngiti ito habang nakatingin sa kanya.

“Cash or card, ma’am?”

Parang nanggaling sa dulo ng mundo

ang tinig ng cashier. Naririnig niya pero hindi niya maalís ang mga mata sa lalaking sinabi sa cashier, “Card.”

Wala pa rin siyang nasabi. Tumingin siya sa cashier na abala na sa pagpapunch ng mga binili niyang ipinapatong sa mesa ng isang lalaking bagger. Muli niyang tiningnan ang estranghero, dahil hindi pa rin siya makapaniwalang nandoon ito. What were the odds?

Lumapit ito sa kanya. Malapit na malapit. She could smell his wonderful scent. Ang suot nito ay T-shirt na navy blue at pantalong maong.

“Hello again,” he said, the smile never leaving his lips.

Sa wakas, natagpuan na rin niya ang tinig kahit gaano iyon kanipis lumabas

mula sa mga labi niya. “Ano’ng ginagawa mo dito?”

“May bibilhin lang.” Itinaas nito ang kung anong tube.

“I meant, here, in this town.”

“Dito ako nakatira.”

“Oh.”

“Ma’am?”

Bigla siyang napalingon sa cashier. “Right.” Tumingin siya sa display screen para malaman kung magkano ang babayaran. Hindi pa man niya nailalabas ang credit card ay inabot na ng lalaki ang card nito.

“Ako na. Para man lang makabawi,” anito.

“No, you don’t have to.”

Hindi na ito umimik dahil inilapit na ng cashier ang terminal at idinikit na ng

lalaki ang card doon.

“Thank you,” sambit niya, halos wala pa rin sa sarili. This was bizarre. Hindi niya naisip kailanman na magkikita silang muli, lalong hindi sa bayan na iyon. Nakatingin lang siya habang binabayaran nito ang binili at nilalagay ng bagger ang pinamili niya sa cart. Sabay silang natapos.

“Pasensiya ka na kung may dumating na cleaning staff. Sinabi lang sa akin pagbalik ko na nagkamali sila ng unit. I missed you by a half hour. Naipit ako sa traffic. Kung alam ko lang, ginising sana kita,” anito, itinulak ang cart niya. He was still looking at her face like he was memorizing it.

“Wait,” pigil niya rito, hinawakan ang handlebar. “Hindi mo ako iniwan

sa condo?”

“Never.”

“Liar.” Napaingos siya.

Napatawa ito. “Hindi kita iniwan. May pangako pa ako sa ‘yo.’”

Natigilan siya, saka biglang nag-init ang buong mukha nang maalala ang pangakong iyon. He promised he would let her suck him off the next time. Nakagat niya ang labi, saka ito inirapan. Bigla siyang nahiya kaya itinulak ang cart, pero pabiro siya nitong binangga ng katawan sa tagiliran para mapaurong siya at ito ang magtulak niyon.

Natawa tuloy siya. “Alam mo ba kung saan ako pumarada?”

“Basement?”

Natawa na naman siya, saka

tumango. Hindi niya maiwasang obserbahan ito ngayong napakaliwanag ng paligid, malayo sa malamlam na ilaw ng bar at silid. He was even more attractive in broad daylight. Tabi ng entrance ng mall ang hardware kaya bukod sa ilaw ng mall, may natural light din.

Hindi ordinaryo ang kaguwapuhan nito kaya madami ang napapatingin. He seemed unaware though. Para ding ayaw nitong pisikal na malayo sa kanya. Sadyang binagalan nito ang paglalakad, inilapit sa kanya ang katawan. She could feel his warmth. The tension between them was electrifying. Panay ang tingin nila sa isa't isa. Pinakikiramdaman niya ito, parang ganoon din ito sa kanya.

God, she wanted him again.

“Saan ka niyan?” tanong nito.

“Wala. Ikaw?”

“Kung saan ka. Kain muna tayo?”

Napangiti siya. They were on the same page. Ayaw niyang matapos ang araw na iyon.

“Tell me your name,” naalala niyang bigla. Wala siyang balak magsayang na naman ng oras sa kakaisip kung ano ang ibig sabihin ng J.

“Jose.”

Napangiti siya dahil sa dinami-dami ng pangalang J, iyon ang hindi niya naisip. Jose... Consolacion. Maganda ang mga pangalan nila.

“Consolacion,” pakilala niya sa sarili.
“Saan tayo?”

“Masarap ang pagkain sa Casa

Amarante.”

Hindi siya agad nakaimik dahil kinabahan siya. May restaurant doon pero boutique hotel iyon. It was a place she should stay away from, lalo na kung ito ang kasama niya. Dahil sino ba ang niloloko niya? May mangyayari na naman sa kanila.

But then why would that be wrong anyway? Wala pa namang nangyayari sa kanila ni Timmy, maliban sa semi-friends na sila. Ang problema lang sa lalaking iyon, mahiyain talaga kaya nahuhulaan na niyang hindi gagawa ng first step kung hindi sigurado sa kanya. Kung mahihimigan niyon ang isang rejection, hindi na iyon magtatangka pa. Pero hindi siya makapagpakita ng motibo agad dahil nakakapa niyang

maailang din iyon kung walang tamang tiyempo ang paglalandi niya.

Hindi nga siguro tamang sabihing pagpapakita ng motibo o paglalandi ang gagawin niya; mas tamang sabihing lalambingin niya ito; magpapabebe siya, magpapa-cute. At isa iyong mahabang proseso. Pagdating naman sa mismong misyon niya, mas matagal ang proseso dahil alam niyang dalawang ulit na itong na-turn off sa mga babae ni Ninang Pining.

So go sleep with Jose. No one would know. Just look at him. Look at those biceps, those broad shoulders, that mouth. God, that mouth. You know damn well where it could take you.

“All right.” Tumango siya.

Tumuloy na sila sa basement

parking. Sa pagkakataong iyon, sa kotse niya sila sumakay. Iniabot niya rito ang susi.

“Anong pipinturahan mo?” tanong nito habang kinakarga ang mga pinamili niya sa trunk.

“Pader.”

Bigla silang nagkatawanan. How odd to talk about ordinary, innocent things when they were both consumed by thoughts of what they were about to do.

Isinara nito ang trunk, saka siya ipinagbukas ng pinto. Nang maisara iyon ay lumipat na ito sa kabila. Hindi ito agad nakasakay dahil kinailangan pang i-adjust ang upuan. Kahit todo na ang atras, parang masikip pa rin sa laking lalaki nito at liit ng sasakyan niya. May mga tao palang hindi bagay sa

ordinaryong kotse.

Binuksan nito ang makina, saka siya hinarap.

“May I kiss you, Consolacion?” he asked.

Napasinghap siya, pero marahang tumango. Nagtagpo ang kanilang mga labi.

She didn't even realize how much she had been craving his lips until then.



RUTHLESSLY
BOUGHT

KINGS OF WANT II

VANESSA

CHAPTER 1

How can a twenty-five-year-old moron have so much money?

Agad sinaway ni Fernanda ang sarili sa pag-iisip niyon. Kakampi niya ang moron. O magiging kakampi, ka-partner—kapag nagkasundo sila sa isang deal na makakapag-ahon sa Rivas Finance Group.

Hindi niya maiwasang mamangha sa nakikitang yaman na hindi lang nagdudumilat kundi sumisigaw at nagtatawag din ng atensiyon. Sa

katunayan, masyadong malakas ang dagundong ng bass ng sound system na nagmumula sa loob ng mansyon. Hindi siya makapaniwala na bumiyahe siya patungo sa Nasugbu, Batangas para sa ganitong klaseng party.

It was not for her. This was not her crowd. Obviously. Tuluy-tuloy ang pagpasok ng mga tao sa malaking gate. Ang parking area ay ang kalsada. Ang daan papasok at pataas ng mansyon ay pribado. Base sa Google Maps, ilang ektarya ang sakop ng lupain. The women she had seen so far were mostly Kardashian types, many of them non-Filipinos; the men looked like they sold crypto and listened to alpha male podcasts. Ang tanging dahilan kung bakit siya naroon ay ang imbitasyon ng

nagpa-party at siyang may-ari ng property—si Kenneth Tan.

Nailapit niya ang mukha sa windshield nang makita ang helicopter na pababa. Naitanong niya sa sarili kung sino kaya ang sakay. Mabuti na ring dumalo siya ngayon, sa loob-loob niya, kaysa hanapin si Kenneth sa iba nitong events at napakarami niyon, nakita niya sa social media. He hosted most of them in Dubai. And he himself had said, “It’s *where important business decisions are made.*”

Personally, hindi siya kailanman makikipagsara ng usapan sa isang party na ganoon kaingay, pero alam niya na madaming partnerships at business decisions na nabubuo sa mga ganoong pagkakataon, huwag pang isama ang

mga importanteng taong puwedeng makilala at mga koneksiyong puwedeng mabuo at magamit paglaon.

She was desperate to talk to Kenneth about her proposal and make him see that she was not like other people her age who didn't know how to have a good time. Dahil parang ang buhay ng lalaki ay umiikot doon.

Kenneth Tan was a tech genius. Higit doon, nag-iisang anak ito ng isang Chinese businessman na nakapangasawa ng isang Chinese-Filipina na mula rin sa mayamang angkan. Ang resulta, isang spoiled brat venture capitalist na mas bata sa kanya ng labing-isang taon. Malayo ang personalidad nila base sa research niya, pero hindi ibig sabihin ay hindi sila

magkakasundo, lalo na at hindi rin puwedeng i-underestimate ang business savvy ng lalaki. Sure, his parents were rich, but he made his own fortune in Silicon Valley.

Ano nga naman ang masama kung pumarty ito nang pumarty kung pera naman nito ang ginagastos? Masyado pa itong bata kaya hindi pa naisip na nagsasayang ito ng pera sa mga bagay na... well, nakapagpapasaya siguro dito.

Sadyang magkaiba silang dalawa ng lalaki. Sa ganoong edad niya noon, abala na siya sa pagtulong sa ama sa negosyo, tapos na ng MBA. Wala siyang naging problema alinman sa dalawa. Ang tanging pasakit niya sa buhay ay si Carla, ang stepsister niya.

No. Sister. Never stepsister. There is no

“step” in the family, remember? May pait na dumaan sa isip niya ang bilin ng ama.

Kumalam ang tiyan niya pero hindi makain ang dalang energy bar nang makita kung gaano pala kadami ang calories niyon. She needed to lose a bit of weight. She had never been slender in all of her life; she was an emotional eater. Kaya siguro tama ring sabihing ilang bilbil ang binigay sa kanya ni Carla. Nabawasan pa nga siya ng timbang ngayon, hindi tulad noong kasagsagan ng sama ng loob niya. Ah, what a night to remember the past. Lately kahit walang nag-uudyok, naaalala niya ang nakaraan. Ganoon ba talaga kapag mid-thirties na, binabalikan na lang ang nakaraan?

Tumingin siya sa dalang salamin at inilapit iyon sa mukha, saka inilayo para masipat ang dibdib. She was perfectly made up. Simple makeup to match the understated elegance of her champagne satin halter dress, the neckline falling in a soft cowl over her chest, the fabric skimming her body. Including the love handles. Kaya ring hindi mahalata masyado kapag nakatayo na siya dahil hindi nagkulang ang sukat ng kanyang dibdib.

Nag-spray siya ng breath mint, saka lumabas na ng sasakyan. Hindi pa man, hiling na niyang sana matapos agad ang party dahil ayaw niyang magmaneho sa gabi. Wala na siyang driver ngayon. She missed having one, but she was saving every centavo.

Pagpasok sa malaking mansyon ay nag-obsesya siya. There were a lot of men much older than her, but only a few women her age. It was strange seeing so many young Botoxed faces and filled lips. Young people these days had that old, plastic look about them. And they all had big butts. Unnaturally big butts. She would gladly give them a portion of hers if they asked. She had always been curvy. At noong teenager siya hanggang twenties, kasalanan ang maging size four pataas. She had always dreamed of being slender. Like Carla.

Moderno ang mansyon, puro glass walls at liwanag na nakatago sa mga pader at kisame. Napakataas niyon, may chandelier na mukhang art installation. It looked expensive yet

gaudy, parang mga nakalutang na higanteng singsing. Sa dulong kanan ng malawak na sala ay naroon ang hagdan pataas. At sa unahan, tanaw sa labas ang infinity pool na kasinglapad ng bahay. Doon nagtungo ang karamihan ng bisita. Malakas ang musika mula sa bahaging iyon.

Noon nag-vibrate ang phone niya. Naglakad siya patungo sa hagdan dahil doon lang wala masyadong tao. Nabasa niya ang pangalan ni Gael sa screen kaya bumilis ang kanyang hakbang.

“Hello?” sagot niya, mayroong pamilyar na kaba sa puso. Nitong nakaraang taon, nakailang tawag ang lalaki sa kanya. Hindi niya na iyon inaasahang mangyari dahil ilang taon na ba silang hindi nagpapalitan man

lang ng text message? Not even on holidays. But last year, on her birthday, he sent her a bouquet of peonies with a note that said, *Happy birthday, Nanda.*

“Hey,” anito.

“Where are you?” tanong niya.

“Home.”

“And Carla?”

“Let me ask a Ouija board, babe.” Halatang nakainom ang lalaki dahil madulas ang salita at hindi buo ang bigkas.

Napasinghap siya. It was the first time he called her that since they broke up over a decade ago.

“You need to call her. And sleep. I’m... I’m busy, Gael.” Nakagat niya ang labi. She could tell he was not in a good place, but what was she supposed to do?

Dapat nga ay hindi na niya sinasagot ang mga tawag nito pero hindi niya matiis. Hindi naman madalas, at parang tumatawag lang ito kapag masama ang loob. Gayonman, wala siyang balak palalimin pa ang kanilang ugnayan dahil brother-in-law pa rin niya ito.

Her ex-fiancé and now brother-in-law.

Kailangan pa ba niyang magtaka sa ginagawa ng kapatid? Mula pagkabata, anomang mayroon siya ay gusto rin nito. Carla had taken most of the things and people Fernanda loved, only to lose interest once they were hers. Laruan, damit, ang violin niyang regalo ng kanyang mama, and later even Gael. Tulad ng sa mga manyika niya noon,

kapag nakuha na nito at napaglaruan, karaniwang sisirain para hindi na niya mapakinabangan uli, o ipapakita sa kanyang ginusto lang talaga nitong magalit siya. Matagal na siyang tumigil maghanap ng sagot kung bakit.

“I never should’ve married her, Nanda.”

Mariin niyang naipikit ang mga mata.

“Stop bringing up the past. Move on. And sleep. I can’t have this kind of conversation with you again. You’re married to my sister, for God’s sake, Gael—”

“You remember this letter you sent me? You loved writing love letters. You sent this to me when you were in Wharton and I was in London. Listen to

what you said to me:

“Dear Gael,

“I don’t think I understood how lonely it could get until I was already here.

“Some days are fine. I go to class, I study, I do what I’m supposed to do. I tell myself this is for my future, for our future. But there are nights when I come back to my room and the silence feels too big. That’s when I miss you the most, in the small, painful ways. I miss telling you ordinary things. I miss hearing your voice without first counting the hours between us. I miss knowing you’re close enough to reach.

“I keep telling myself this is only temporary. One day, I’ll come home, and maybe all this will feel smaller than it feels right now. Maybe we’ll laugh about how

hard we thought it was. Maybe we'll just be glad we didn't let the distance change what we have.

“Please don't get tired of this. I won't either.

“I miss you more than words can say. I love you. And no matter how far away I am, I'm still yours. Nanda.”

Malalim ang naging buntong-hininga nito. “I've kept all your letters, Nanda. And I read them all the time.”

Hindi siya agad nakatugon dahil naalala niya ang mga sandaling sinulat niya iyon. Nasa apartment siya noon, nag-aaral sa Wharton. She used to write her thoughts in a journal first, then copy them in calligraphy on cotton paper because Gael meant that much to her. Pero nawala niya ang journal,

nalaglag sa kung saan. Apparently, Gael had kept her letters, the same letters she wanted to forget because they told the story of her devotion to a man who had taken her loyalty and answered it with betrayal.

“Gael, it’s been years. I can’t do this. My sister—”

“Stepsister.”

“Sister still! Sleep it off. Good night.”
Tinapos na niya ang tawag.

Ibinalik niya ang phone sa bag pero nakailang subok muna siya. Nanginginig pala ang kanyang kamay. Bumaha ang pamilyar na sakit na isiniksik niya sa kasuluk-sulukan ng puso at kaluluwa, sinumpang hindi na kailanman babalikan pa pero biglang sumambulat.

Nagtungo siya sa labas ng mansyon, dumiretso sa bar. Rum and Coke was her choice. Agad niyang inubos ang unang baso. She wanted to feel that buzz, to feel good. She was at a party, after all. Maybe this was exactly what she needed.

“Hello.”

Napatingin siya sa nagsalita. Isang lalaking marahil kaedad niya, may-hitsura, halatang babad sa gym, sobrang kinis ng balat kaya siguradong may derma.

“Hi,” sabi niya na lang.

“Sammy,” pakilala nito sa sarili, inilahad ang kamay.

“Nanda,” aniya, tinanggap ang kamay nito.

“Nanda,” he said with a smile. “First

time at Tan After Dark?”

Tumango siya kahit hindi komportable na may bansag ang mga party ni Kenneth Tan. “Yes, it is.”

“Good. I like first-timers.” Hindi pa rin nito binibitiwan ang kamay niya.

Bahagya niya iyong hinila pabalik. “I’m here on business.”

“Everyone’s here on business, babe.” Ngumiti ito. Jeez, the man was slimy, at noon lang niya napansin. “Some of us just know how to mix business with pleasure.”

“I’m here for Kenneth.”

“Then I’ll keep you company until he arrives.”

“No need.”

“Don’t be rude, babe.” Lumapit ito nang kaunti, sapat para maamoy niya

ang alak at mamahaling pabango nito. “Kenneth doesn’t invite nobodies, Nanda. You should be careful who you’re rude to.”

Nanlamig siya pero ngumiti pa rin. “I’ll... I’ll remember that.”

“Good girl.” Itinaas nito ang kamay para tawagin ang bartender. “Another drink for her.”

“I’m fine.”

“You need a drink.”

Napilitan siyang kunin ang baso ng Rum and Coke nang iabot ng bartender. Mabilis gumana ang isip niya kung paano makakalayo sa lalaki. Noon lalong lumakas ang tugtog, naghiyawan ang mga tao, at maging ang bastos na lalaki sa tabi niya ay nag-“yoo-hoo!”

The music switched to a heavy hip-

hop track. Nagsimulang makikanta ang mga bisita, “It’s the Tan man after dark!” Nagpaulit-ulit iyon, lumiwanag ang paligid, at nag-grand entrance si Kenneth Tan.

Jesus, could this dude be any more cringe? Nanda thought as the party turned toward Kenneth Tan like he was the second coming. Ito ba talaga ang nakikita niyang pag-asa niya? Parang hindi niya matanggap. Gayonman, magandang excuse para matakasan niya ang katabing nakakapangilabot ang sinasabi.

“Excuse me. Kenneth’s expecting me,” sabi niya, hindi na nagpapigil pa.

Ayaw niyang puntahan si Kenneth at sumunod sa linyang nabuo sa likod nito, mga taong sumasayaw habang nagchi-

cheer sa party host, na para bang may ginawa iyong isang milagrosong bagay at hindi dumating lang. Pero kailangan niyang magpanggap sa iniwang lalaki na nakikisayaw siya. Pinilit na lang niyang huwag husgahan at kuwestiyuhin ang gustong gawin ni Kenneth. Lalong ayaw niyang husgahan ang sarili dahil nakikisayaw siyang parang tanga. Pero hanggang makahanap lang ng tiyempo at makabalik sa building. She was sure Sammy would find someone else. Poor girl.

Hindi niya magawang lapitan si Kenneth dahil ang daming nakapalibot dito, mga nagsasayawang lahat at naghihiyawan pa rin. Alangan namang sumiksik siya para sa sales pitch niya?

Absurd. Pero kailangan siya nitong makita. Maybe later. Ang tanong ay kung anong oras. Napatingin siya sa relo. It was ten in the evening. Hindi siya maagang matulog pero pagod siya sa biyahe, babalik pa siyang Tagaytay.

Nang may waiter na dumaan ay umabot siya ng isang champagne glass. May pangangatal ang kanyang mga kamay. Naunawaan niya ang matinding stress na hinatid ni Sammy. Hindi siya sanay sa mga lalaking tulad nito. She was a well-respected businessperson, after all. Alam ng marami na siya ang katulong ng kanyang ama na i-manage ang Rivas Finance Group na may dalawang pangunahing divisions: Rivas Pawnshop at Rivas Credit. But she had also been busy managing Stillhouse, a

small boutique retreat in Tagaytay. Doon siya nagmula patungo sa party na ito.

Siguro, sa mga lalaking tulad ni Sammy, ang negosyong tulad ng sa kanya ay hindi big deal. Stillhouse was doing great, but Rivas Finance Group needed saving. Napakadami nilang branches na masasayang kung magsasara sila, ilang daang empleyado ang mawawalan ng trabaho. She believed it wasn't too late to save it. Nagkataon lang na hindi sila nakasabay sa takbo ng panahon at natabunan ng financial services na available online.

Asshole, she thought, remembering Sammy. Para siyang dagang nagtatago sa isang sulok ng mansyon kung saan wala masyadong tao, tinitingnan kung

nasaan na ang pusa nang makatalilis na siya. Magpapakita lang siya kay Kenneth at uuwi na rin. Naghintay na lang muna siya sa kinaroroonan, sa hallway patungo sa mga nakasaradong silid. Sigurado niyang sarado dahil sinubukan na niyang buksan lahat ng pinto.

Mayamaya ay nanakit na ang paa niya katatayo kaya nagtungo siya sa sala. Muli siyang umabot ng champagne sa waiter at tumingin sa labas. Hindi na niya makita si Kenneth, pero nahagip ng mga mata si Sammy. And damn this house built of glass—the asshole saw her. Mukhang pupuntahan siya nito kaya agad siyang pumihit. Noon niya nadama ang pag-ikot ng paligid. Napakapit siya sa braso ng isang babae.

“What the hell, auntie?”

Agad siyang bumitiw, natawag pa siyang auntie ng influencer-type. Pasimple niyang nilingon si Sammy. Mabuti at may nakasalubong itong grupo na ngayon ay kinakausap. Naglakad siya patungo sa kabilang panig ng gusali, lumusot sa harang ng hagdan, tuluy-tuloy pataas. Bahala na. Kung kinakailangan niyang maupo sa sahig, gagawin niya, basta't ligtas siya.

Nahilo siyang muli pero hindi tumigil sa pag-isa-isa ng mga pinto. Sa estado niyang iyon, ano ang puwedeng gawin sa kanya ni Sammy? Only God knows. At wala siyang balak masamantala sa gabing iyon.

Sa wakas, nakatagpo siya ng silid na walang laman. It was a bedroom. Agad

niyang ni-lock ang pinto, nakahinga nang maluwag. Magpapalipas siya ng kalasingan bago umalis. Nakakatuksong matulog sa kama para humupa ang pagkahilo pero nangangamba siyang sa kung anong dahilan ay madadatnan siyang nakahiga at tulog ni Sammy at sasamantalain.

May tokador, closet, kama, at mini fridge sa silid. Binuksan niya iyon at kumuha ng tubig. Agad niyang naubos ang laman ng bote. Naglakad siya papasok, pumuwesto sa wing chair na nakatalikod sa glass wall. Salamat at nasa opposite side ng pool ang silid kaya tahimik. Soundproof kaya walang nakakatagos na ingay. Madilim doon, maliban sa floor light na malapit sa

pintuan. Nasa gitna siya ng mga anino, itinatago niyon. Mataas ang sandalan ng upuan, malapad. Puwede na rin siguro siyang umidlip dahil nai-lock niya ang pinto.

Ipinikit niya ang mga mata, umiikot pa rin ang paningin. Hindi talaga siya puwedeng bumaba, baka himatayin pa siya. Kenneth Tan would remember her as a party pooper, not really the impression she wanted to leave him with. Hindi rin siya magmamaneho nang dalawang oras sa ganoong kalagayan, lalo na at napakahaba ng kalsada, wala halos tao at bihira pa ang mga posteng may ilaw.

Noon niya naalalang padalhan ng voice message si Julian, ang talented gay cousin slash BFF niya. Nasa New

York ito. Ganoong weekend, malamang ay tulog pa ito. Pero kailangan niyang ikuwento ang nangyari at kung nasaan siya, just in case. Nang maipadala ang message ay ipinikit niya ang mga mata.

Sa ganoong kalagayan niya naalala ang tawag ni Gael kanina. So they were both drunk tonight. She could picture him all alone in his house in BGC. Nasa condominium tower iyon, malayo sa plano nilang simpleng bahay na may malawak na garden. She had that now through Stillhouse. Pangarap niya noon na kasama ito pero nauwi sa solo.

I really shouldn't answer his calls again. Carla will lose her mind if she finds out.

Didn't the little monster warn her to stay away the day of her wedding? Ni

hindi siya kinuhang abay na naunawaan niya dahil na rin sa komplikadong relasyon nila ni Gael. Pero kailangan niyang magpakita, ngumiti, palabasin sa mga tao na there were no hard feelings though there were.

Sa loob ng ilang taon, hindi naman siya nakipaglapit kay Gael. Sa katunayan, hanggang makakaiwas siya sa lalaki, umiiwas siya. Kahit sa family gatherings na dadalo ang mag-asawa, siya ang unang umuuwi, late nang dumarating, o hindi na lang uma-attend. Hindi rin siya tumawag kay Gael kailanman. Ah, bakit ba niya iniisip ang posibleng gawin ni Carla? Bahala ito sa buhay nito. Ano pa ba ang puwede nitong gawin? Ano pa ang puwede

nitong kunin na hindi pa nakukuha?

Noon siya kinabahan nang marinig ang paggalaw ng handle ng pinto. Hindi pa nagtagal ay bumukas iyon. Nanigas siya. Isang babae ang pumasok, may hawak na clutch sa isang kamay, higit-higit ang isang lalaki sa kabila. Hindi siya napansin ng mga ito. Ikinukubli siya ng dilim. Masyado ring malaki ang upuan kaya outline lang ng sandalan niyon ang makikita mula sa kinaroroonan ng dalawa.

“Shut the door,” the woman said softly. “I want your cock in my mouth before anyone notices we’re gone.”

CHAPTER 2

Nanigas sa kinauupuan si Fernanda. Hindi niya magawang kumilos dahil masyadong mabilis ang pangyayari, bukod sa baka pagkatayo ay maliyo siya at bumigay ang mga tuhod.

Matangkad ang lalaki, malapad ang mga balikat. Halatang matikas ang pangangatawan niyon base sa magandang pagkakalapat ng damit—black pants, black shirt, gray suit jacket. Hindi niya masyadong nakikita ang hitsura nito dahil sa malamlam na

liwanag kaya hindi niya maunawaan kung bakit parang pamilyar ito sa kanya.

Tumingin ito sa direksiyon niya—direkta sa upuan, direkta sa kinaroroonan niya, saka tumango. A greeting. An acknowledgment. As if her being there was expected.

Hindi na yata siya humihinga sa puntong iyon. He seemed to be a very attractive man, judging from what little she could make out of his features, especially the strong line of his jaw and the thick, wavy dark hair swept back from his face.

Who is this man and why did he nod at me? Sinabihan ba ito ni Sammy? But that didn't make any sense. Kung may masamang balak si Sammy at nakita

siyang tumaas sa second floor, bakit ipapasa nito sa iba at hindi na lang ito ang tumaas? Wala ring tao sa hallway kanina kaya bakit nito malalaman kung nasaang silid siya? Naka-lock ang mga kuwarto, kabilang ang kinaroroonan niya. The woman had a key.

She still did not move. She should stand up. She should say, “Excuse me, I was just leaving,” she should grab her clutch and walk out of the room. But her legs would not respond. Pero walang nabago sa sitwasyon niya, hindi pa rin niya kayang umuwi.

Humagikgik ang babae, initsa ang bag sa kama, saka tumingin sa direksiyon niya. “I’ve got a show for you, baby.”

What the hell is going on? tanong ng

isip niya, lalong nahilo.

Hinigit ng babae ang lalaki sa baywang ng pantalon. He sat on the edge of the mattress, his thighs spread, his hands resting on the woman's hips, and the woman knelt between his legs with an ease that told Nanda this was not their first time. Muling tumingin ang babae sa kanya at ngumiti. Noon lang tumimo sa isip niya na bahagi siya ng lahat ng iyon sa kung anong dahilan. Iniisip ng dalawa na sadyang naroon siya para sa kung anong gagawin ng mga ito, na isa siyang willing audience.

Muling hinarap ng babae ang lalaki at inalis ang sinturon niyon. Nanigas ang mga daliri ni Nanda sa pagkakakapit sa armrest.

She should close her eyes. That was

the obvious solution, close her eyes and wait for them to finish and pretend she was not here.

But her eyes stayed open.

The woman freed him from his pants and wrapped her hand around the base of his cock. From where Nanda sat, she could see he was thick, the full length of him catching the faint light with each slow, testing stroke of the woman's hand. He leaned back on one hand, his jaw tilted up, his posture relaxed and controlled. The woman lowered her mouth and took him in.

Nanda watched the woman's head move in a steady rhythm, her lips stretched around him, one hand working the base of his shaft. The sounds were wet and hungry, and they

made her hot despite herself.

The man's free hand gripped his partner's hair, holding her steady as she took him deeper. The woman moaned around him, her fingers tightening on his thigh like she loved the bite of his hold.

Nanda could not look away.

His gaze returned to her, as if he had not forgotten for a second that she was there. She was sure he could not see her face, lost as it was in shadow. But he kept looking at her while the woman's mouth moved over his hard shaft. His stare was so direct, so steady, that her thighs pressed together beneath her dress.

Hinigit nito ang babae sa braso nang sa gayon ay mapunta iyon sa ibabaw

nito, saka ibinaba ang strap ng dress niyon. The woman pushed his jacket off his shoulders and tugged his shirt open. He cupped one breast and brought his mouth to her nipple.

The woman arched into him, her fingers grabbing his hair, a moan slipping from her lips. Nanda watched his mouth work. The sight made her pussy clench before she could stop it. His lips on that skin. The way his hand held the weight of her breast. She swallowed hard.

Ten years. She had not been touched in over ten years, and she had learned to live with the lack until this exact moment, watching a stranger's mouth on another woman's body while his eyes kept returning to the place where

Nanda sat motionless in the dark.

The woman knelt again and took him back into her mouth. Deeper this time, her hand twisting at the base, her pace faster. His head tipped back, chest rising with a slow breath. Nanda could see the tension moving through him now, his stomach pulling taut beneath the open shirt. One hand tightened in the woman's hair as his hips lifted, pushing him deeper into her mouth. He groaned, and it sounded like control beginning to break.

Nanda's panties were wet under her dress, and the shame of it made her grip the armrest harder. Her breasts felt heavy against her neckline, her nipples stiff against the fabric. She hated that she was this aroused. Hated the ache

between her legs. Hated how it pulsed in time with every stroke of that mouth.

The woman drew back, breathing hard, her hand still working him fast. He rose from the edge of the mattress, turning just enough that his body angled toward the armchair. The woman stayed on her knees in front of him, her dress bunched around her waist, her breasts bare.

“Come on me,” she whispered. “Let her watch.”

His hand closed around his shaft. He stroked once, then again, his eyes fixed in Nanda’s direction.

“Look at me,” the stranger told her.

She did. She could not have looked away even if she wanted to.

His jaw clenched. His stomach

tightened. A rough groan left him before he dragged it back into a controlled exhale. Nanda saw his cock pulse in his fist. Saw his come spill over the woman's breasts. Saw his stomach contract with each wave. The sight burned so deep she knew it would stay with her long after she left the room.

Silence fell.

He tucked himself back into his pants. Tumayo ang babae, kumuha ng wet wipes sa bag, saka pinunasan ang dibdib. Inayos nito ang damit, hinagkan ang lalaki at kumaway sa kanya. Tumalikod ito at umalis. Dinig ni Nanda ang tunog ng pintong lumapat.

“Are you okay?” tanong ng lalaki sa kanya habang binubutones ang polo nito. His voice was low, not mocking

nor seductive. Concerned. Siguro nagtaka na ito na wala ni isang piyak na nagmula sa kanya.

Napalunok siya dahil nanikip tila ang kanyang lalamunan. Hindi siya nagtiwala sa sariling tinig kaya tumango na lang siya. Sa sulok ng kanyang isip, hinagilap niya kung bakit pamilyar ang lalaking ito.

“You haven’t said a word,” anito.

“I’m okay. Please leave and lock the door.” Maging siya ay nasorpresa na hindi gumaralgal ang tinig niya.

“Very well.” Pumihit na ito, marahan ang galaw. He stopped at the door and looked back at her. “Are you sure you don’t need my help?”

She knew exactly what he meant. For one dangerous second, she almost said

yes. Apparently, she was not drunk enough for that. She just pressed her thighs together again and felt the ache pulse.

“Yes,” she said. “I’m sure.”

He left. The door closed.

Nanatili siya sa dilim, nakakapit pa rin nang mahigpit sa armrests, dumadagundong ang puso. Gusto na niyang umalis pero hindi pa niya kaya. At wala siyang ibang magawa kundi maupo doon, balikan ang naganap. She could still see the shape of him on the edge of the bed. She could still hear the sound he made when he finished.

Wala siyang ideya kung ano ang pangalan ng lalaki, ni hindi ito makikilala kapag nagkita sila sa ibang pagkakataon maliban na lang kung

kaparehong damit siguro ang suot nito. Isang bahagi ng isip niya ang nagtatanong kung totoo ba ang naganap. Mahirap mag-isip sa ganoong kalagayan niya.

May isang oras pa siyang nanatili sa silid hanggang tumayo na. Kaya na niya. Binuksan niya ang ilaw. Noon lang niya napansin na ang painting pala sa pader ay isang pintuan. Bathroom. Tiningnan niya ang sarili sa salamin, pumihit nang bahagya para makita ang likod. She was embarrassed to be checking if the wetness had left a mark.

Naghanda siya para sa biyahe, walang balak tumigil sa kung saang gasolinahan. Lumabas na rin siya mayamaya at agad na bumaba. Kailangan niyang makita si Kenneth

dahil hindi niya naranasan ang lahat ng iyon ngayong gabi para lang umuwi nang walang na-accomplish. Pero anong pagkadismaya niya nang magtanong sa isang bisita at sabihin niyong kaaalis-alis lang daw ng lalaki.

“Hey, Nanda.”

Napalingon siya sa pinagmulan ng tinig at napaunat ang likod nang makita si Sammy. Hindi niya alam kung saan susuling. Bigla ay parang gusto niyang mapaluha sa stress. Pumihit siya para makalayo na agad kahit alanganin dahil malapit na ito sa kanya at hindi siya makakarating sa sasakyan bago siya nito maabutan.

“There you are, I’ve been looking for you,” anito nang mahagip ang kanyang braso.

Pumalag siya, kahit dikta ng isang panig ng isip na dapat ay i-deescalate niya ang sitwasyon. Maybe if she just smiled at him, he'd leave her the hell alone. Pero kusang binawi ng katawan niya ang braso.

Mukhang madami na ring nainom ang lalaki. O baka hindi alak ang nasa sistema nito. Sa mga ganitong party, tiyak nang may kung anong drugs. He seemed like the type who would do a line of coke in the bathroom or down a pill with a stiff drink.

“Let me take you home, babe,” giit nito, inabot ang kanyang braso.

Muli, kusa siyang pumalag. “No. I’m sorry, but no.”

“Is there a problem here?”

Bigla siyang napasinghap, sabay

lingon. It was him. The stranger from the room. Same clothing, same build, the same strong jaw and facial hair. His dark waves were swept back from his face, thick and clean-cut without looking too neat.

Dama niya ang panlalamig. Nakilala kaya siya nito? Walang indikasyon sa guwapong mukha ng lalaki.

“No problem,” tugon ni Sammy. “We were just talking.”

“I have to go,” aniyang pumihit at nagmamadaling naglakad patungo sa pinto. Lumingon siya nang naroon na. Nakatalikod na si Sammy, habang ang estranghero ay nakapamulsa at nakatingin sa kanya.

Ganoon na lang ang pagsasal ng kanyang dibdib. Mabilis siyang

lumabas, lakad-takbo patungo sa kanyang kotse, hawak ang clutch bag sa tapat ng dibdib na para bang pinipigilan ang pusong lumundag palabas. Nang matanawan na ang kotse ay kandamadali siyang ilabas ang fob mula sa bag, halos mabitiwan na iyon. Nakalma lang siya nang lumingong muli at makitang walang sumusunod sa kanya.

She pressed a button and got inside. Taas-baba ang dibdib niya, nanginginig pa rin ang mga kamay habang kinakapa ng susi ang ignition hanggang lumusot iyon. Agad niyang binuhay ang makina, saka pinasibad ang sasakyan. Nasa main road na siya nang makalma.

Napatili siya nang biglang mag-ring ang cellphone. Pinindot niya ang call

button sa manibela at pumailanlang ang tinig sa car speakers.

“Are you okay, Nanda? Where are you?” May pag-aalala sa tinig ni Julian.

“I’m fine. I’m headed home.” Nakahawak siya sa tapat ng dibdib.

“Nakakaloka! I just woke up. Ano’ng nangyari sa ‘yo?” tanong nitong naghikab. He was two years older than her. Pinsan niya ito sa mother’s side. Julian would spend summer vacations with her growing up. Nang magdesisyon itong magtungo sa Amerika para sa career nito, siya na ang pinamalungkot na masayang tao sa mundo. She wanted nothing but success for him but felt sadness that he was moving too far away. Gayonman, hindi pa rin sila nakakalimot sa isa’t isa.

He was now a very successful creative director, managing a business of his own, doing things that he loved.

“Kaaalis ko lang sa party,” aniya. “Medyo rattled pa ako dahil nakita pa ako no’ng Sammy bago ako umalis. The guy’s a creep, very aggressive.”

“Ano’ng ginawa?”

Sinabi niya pero hindi magawang ikuwento ang tungkol sa estranghero, kahit fifty percent yata ng kaba niya ay galing dito. Hindi kabang mula sa takot na tulad ng nadarama niya para kay Sammy kundi kaba sa mas personal na lebel. Hindi niya iyon kayang ipaliwanag sa sarili, kaya paano niya ipapaliwanag kay Julian?

“Good thing some guy stepped in. Asked if I was okay. I guess decent men

still exist,” pagtatapos niya.

“Did you manage to talk to the venture capitalist?”

“No. He left before I could.”

“I don’t understand. Hindi mo siya nalapitan?”

“No. ‘Di ba nagpahinga nga ako sa room?” Nakagat niya ang labi. Hindi niya maikuwento ang nangyari sa silid kahit walang masasabing pribadong detalye sa pagitan nilang dalawa. Julian told her everything, from the girth of the man he was dating to his random hookups, even his “bottoming misadventures,” as he called them. Alam din nitong wala siyang nakaparehang iba noon maliban kay Gael. And she was supposed to marry him, until Carla decided she wanted

him for herself.

Minsan, naiinggit siya sa pagka-adventurous ng pinsan. Pinapayuhan siya nitong sumubok mag-hookup kung kaya niya at kung sigurado siya sa makukuha niya, pero wala siyang balak sumabay sa modernong mundo. Ni wala siyang profile sa kahit anong dating apps. She was too busy for sex, but she would date every once in a while. Iyon lang at hanggang second date lang ang ilan, walang naging third. Boring yata siya, o kaya siya mismo ang walang makapang atraksiyon sa ka-date. O baka maselan lang siya dahil hinahanap niya si Gael sa mga iyon. Well, maybe not Gael per se, but their compatibility.

At her core, she was a very simple person. And her ex not only appreciated

that but cherished it as well. Pareho kasi sila. Hindi sila nag-away kailanman, maliban noong huli, nang pumasok na si Carla sa eksena. But she wanted that kind of peace with someone. Hindi niya iyon nahanap sa ibang naka-date. Parang palaging kailangan niyang magpa-impress o umabot sa kung anong standards ng mga ito, na malayong-malayo sa ideya niya ng ideal life.

Some men would talk about wanting women who could help with their dreams and plans, and she might seem like the woman for the job since she helped her father run the company, but that was not what she wanted for herself. She didn't want a life built around someone else's ambition.

Maybe it was just really hard to find a good man. Now it was going to get harder because she realized she wanted a hung man, too. Like that one earlier. She had to bite her lip, remembering him pumping his hard cock and spilling his come while his eyes stayed on her, as if it had all been for her.

Nagkakaroon na naman ng reaksiyon ang kanyang katawan, kasabay ng tanong muli kung sino ang lalaki. Pamilyar itong talaga pero siguro may kamukha lang na modelo. Probably one of those Instagram fitness influencers.

“Are you still there, Nanda?” pukaw ni Julian.

“Huh? Yes. Sorry, I’m driving. As I was saying, I wasn’t able to talk to

Kenneth. I'm not even sure he'd be interested in my business proposal. Kailangan kong makausap si Catherine Te," tukoy niya sa business broker. Iyon ang naghahanap ng investors at nagpapayo sa kanya pagdating sa bagay na iyon. Iyon ang nagbigay sa kanya ng pangalan ni Kenneth Tan, at may porsiyento ito kung matutuloy ang deal. Pero mahirap ngang tiyempuhan ang lalaki dahil madalas na nasa ibang bansa. She took a risk and failed. Iba ang nahita niya sa gabing iyon—hot memories that would keep her awake for many nights to come.

“All right, sweetie. Be careful driving. Message me when you get home.”

Nagpaalam na rin siya sa pinsan.

Halos wala sa loob niya ang pagmamaneho. Sa loob ng kulang dalawang oras na biyahe, tanging nasa isip niya ang estranghero. She took a cold shower before lying in bed. Still, she found her hand between her legs, the memory of him in her mind.

CHAPTER 3

Fernanda had worked for Rivas Finance Group since she graduated. She knew the branches, the managers, the loan books, the collection problems, and the pawnshop side of the business better than anyone. But she had never been the final decision-maker while her father was alive. He made the big calls. Ang tanging nagawa ni Nanda ay suportahan ito, bagaman madami itong desisyong nagbigay sa kanya ng alalahanin, lalo na at alam niyang

ginawa nito ang mga iyon dahil sa payo ng asawang walang alam sa negosyo.

Si Tita Maricar, ang ina ni Carla, ay wala nang ginawa noon kundi sabihing bakit hindi mag-expand ang negosyo tulad ng sa iba, bakit hindi magtayo ng mas madaming branches nationwide, bakit hindi tumanggap ng gadgets sa pawnshop, et cetera. Nanda's father felt the pressure.

And the trouble began with expansion. Her father opened too many branches, borrowed heavily to fund lending capital, and trusted old managers who were loyal but not always competent. Hindi nakasabay sa pag-andar ng mundo ang sistema. At habang nagbabago na ang lending at financial lanscape ng bansa, patuloy na

nagtatayo ng branch ang pawnshop at loan agency.

Kahit mas madami ang may kailangan ng loans, dumami rin ang nagpapautang online. Kabi-kabila ang lending apps, buy now pay later schemes, cash loans na ilang pindot lang sa cellphone, installment financing para sa appliances at gadgets, at iba pa.

Then the economy tightened, defaults rose, pawned items stopped moving as quickly, and the company's cash flow thinned. Fernanda kept patching the holes, closing weak accounts, pushing collections, and trying to modernize systems her father refused to replace.

Nang pumanaw ang kanyang ama may dalawang taon na ang nakararaan,

lalo lang lumala ang problema. Ang mga creditor na personal nitong kakilala ay nagsimulang maningil, ang mga inaasahan nilang bagong investors ay isa-isang naglaho kahit bago pumanaw ang kanyang ama ay nakahanda na sana itong ipatupad ang mga moderno niyang plano.

Fernanda could run the company, but she could not replace the founder's reputation, his old relationships, or the capital the business needed to survive. Hindi nakatulong si Tita Maricar na nang magsagawa ng sariling audit investigation ay nagmadali nang i-dispose ang twenty percent nito sa kompanya. Ayaw niya iyong bilhin dahil iniisip niyang sagipin ang negosyo ng sarili niyang pera. It would mean

significant downsizing, and it might take years before the business became profitable again, but with her own money and enough outside financing, Nanda believed it could still work. But Maricar made sure everyone knew how badly the company was doing, this way Nanda would be forced to sell it and Maricar could get her share. Wala itong pakialam kahit luging-lugi nilang mabebenta ang lahat, basta maidispatsa na nang makuha na nito ang ilang milyon. She wasn't even getting a lot because the company was not doing well at all. Pero ang tanging nasa isip nito ay kailangan nito ng pera noon din.

Kinailangan ni Nanda na itigil ang plano sa tatlo sanang Stillhouse locations para mabili ang shares ng

